


# ISANG TRUMPETA

## NA TUMUTUNOG NANG

### WALANG KATIYAKAN

 Maraming salamat, Kapatid na Demos. Isang malaking pribilehiyo na maparito sa pagtitipong ito ng mga Cristiano ngayong gabi, dito sa nagyeyelong lalawigang ito. At tumawag ako sa bahay, kani-kanina, at mas mainit nang mga dalawampung antas, doon sa dakong Hilaga, kaysa rito sa dakong ito. Naisama ko marahil iyon. Magmamadali ako at muling babalik, kaagad-agad. Nagyeyelo na ang lahat ng mga halaman. Ano'ng palagay mo tungkol diyan, Creechy? Ito'y isang. . . [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Malamig ito."—Pat.] Tiyak na ito nga.

<sup>2</sup> At labis akong nagagalak na makilala ang butihing pastor na ito, ngayong gabi, at na makita kayong mga tao. Kapapasok ko pa lamang, nang ilang sandali. Nanggaling ako ng Tucson, kung saan kailangan kong dumaan ngayong araw na ito. Nagbiyahe kagabi, at nakarating nang bandang alas-dos y media kaninang umaga, doon sa Tucson. At pagkatapos ay naroroon nang buong araw, doon. At kaaalis lamang kani-kanina. . . Buweno, nakarating ako, kararating-rating lamang nang mga isang-oras-at-kalahati, sa tantiya ko, mga ganoon nga, dito. At kaya halos wala pa akong gaanong tulog. Ngunit sisikapin kong hindi makatulog dito. Ngunit kami'y—kami'y masaya na maparito.

<sup>3</sup> Itong munting batang lalaki, na pinaglalaruan itong mga mikropono rito. Naupo ako sa gawing likuran, doon sa. . . isa sa upuan ng mga maliliit na bata. Lumapit ang isang maliit na batang lalaki, tumingin sa akin nang talagang kakaiba. Sabi ko, "Lahat tayong mga bata'y maaari namang umupong sama-sama, hindi ba?" Ngayon, talagang mahal ko silang mga munting bulilit, gayunman.

<sup>4</sup> At ito'y, oh, talagang mainam na maparito ngayong gabi, at ang magkaroon nitong kalugod-lugod na nagsidalong mga tao na nangakatayo sa palibot. At nagtitiwala ako ngayon na nasabi na sa inyo ni Kapatid na Williams ang lahat tungkol sa. . . at ni Kapatid na Rose dito, ang tungkol sa nalalapit na kombensiyon. Sa palagay ko'y talagang alam na ninyo ito. Gaganapin sa Ramada, kaagad-agad, ang kombensiyon ng naturang Business Men. At inaasahan natin ang isang dakilang panahon doon. Si Kapatid na Velmer Gardner, isang kahanga-hanga, na mahusay

na tagapagsalita; at ang iba pang mga ministro, si Oral Roberts at marami pa, ang magpupunta doon. At inaasahan natin ang isang dakilang panahon sa Panginoon.

<sup>5</sup> Hangad ko, na ilan sa mga panahong ito, ay magkaroon tayo ng isang gawaing pagpapagaling sa dakong iyon. Uh-huh. Gusto kong imbitahin si Kapatid na Oral, at magsasama kami. Siyanga, po. Hindi ba't napakainam nun? Iyon ay magiging isang—isa talagang napakagandang panimula para dito, hindi ba? Isang gawaing pagpapagaling, doon sa Ramada, magiging mainam iyon. Tayo...Kaya baka nga gawin natin 'yon, alam n'yo. Maaaring ipagkaloob ng Panginoon 'yun para sa atin, magdaos ng isang gawaing pagpapagaling. Kaya tayo'y... Nag-ikot-ikot ngayon, sa iba't ibang iglesya, upang sikaping maipalaganap ang mabubuting balita, at upang makihalubilo sa isa't isa, at magkaroon ng pakikisama sa lahat ng iba't ibang iglesya. Iyan ang ating pinaniniwalaan, na tayo'y iisa, kay Cristo.

<sup>6</sup> Kausap ko noong isang araw ang isang doktor. Naghahanda na akong umalis patungo sa ibayong-dagat, at kinakailangan mong magkaroon ng isang pisikal na pagsusuri. Kaya naroroon ako para sa isang pagsusuri. At inilagay niya ako sa isa sa mga wave na iyon...Ako...Huwag n'yo nang itanong pa sa akin kung ano ito. At may natuklasan siyang isang bagay na kakatwa. At bumalik siya at hindi iyon matukoy, at kumuha na siya ng isang sanggunian ng mga doktor, at sadyang hindi niya maunawaan iyon. Sabi niya, "Hindi pa ako nakakita ng ganyan dati." At kung kaya't ipinakita niya sa akin ang larawan nito, kung papaano na kung saan pangkaraniwang naroon ang kamalayan, at mayroon kang isang kubling-kamalayan, at napakalayo ng agwat ng mga iyon sa isa't isa. Subalit napansin niya na ang sa akin ay magkasama mismo pareho ang mga iyon. Sabi, "Talagang isa kang kakaibang tao."

Sabi ko, "Noon pa ma'y alam ko na 'yon. Alam na ng lahat."

<sup>7</sup> Sabi, "Hindi pa kami nakakita ng ganyan dati." Kaya ikinuwento niya sa akin ang tungkol dito.

<sup>8</sup> Sabi ko, "Buweno," sabi ko, "alam mo, sa palagay ko ang mabuting Panginoon, kapag nilalalang Niya tayo, sadyang ginagawa Niya tayong kakaiba nang kaunti. Hindi natin kamukha ang isa't isa, at kaya kung minsay ni hindi tayo kumikilos na gaya ng isa't isa. Subalit—subalit ginagawa Niya ito para sa Kanya, sa sarili Niyang pamamaraan ng pagsasagawa nito. Pumapasok lamang tayo sa malaking makinang hulmahan, at pumipirme lamang tayo, huhulmahin Niya tayo sa paraang nais Niya sa atin."

<sup>9</sup> At ako—alam kong walang magnanais na maging anuman liban sa kung ano ka. Ang tanging bagay na maaari nating hangaring lahat...Matapos na tayo'y maligtas at maging mga anak ng Diyos, ang tanging bagay na nais natin ay isa

lamang mas malapit pang paglakad sa bawat araw. Iyon ang inaasam-asam natin, ang dakilang pakikisamang iyon. Labis na kamangha-mangha iyon! Maaari ba kayong huminto para isipin kung ano na lang kaya ang gagawin natin kung wala tayo niyon? Ano—ano . . . Kung hindi nanatili sa atin ang dakilang pag-asang iyon, ano na kayang gagawin natin?

<sup>10</sup> Sinasabi ko nga noon, sa isa sa mga iglesya, maaari ko bang . . . Una, sa isang lugar, pagkatapos ay sa isa pa, at sa buong bansa’y may nababanggit ako minsan, iniisip na baka maulit ko na naman ito sa iglesya ring iyon. Subalit palabas ako noon ng gusali kung saan tila ba nakapaglahad ako ng talagang mabigat, tungkol dito sa mga tao sa panahong ito na sumasayaw nitong bagong sayaw rito na mayroon sila, na tinatawag nilang twist, o kung ano. At sabi ko, “Hindi ko talaga malaman, kung ano ba’t, gustong baliin ng mga tao ang kanilang mga binti at—at para saa’t umaasta nang ganoon.”

<sup>11</sup> Kaya, may isang lalaki, mga beinte-sais, beinte-siyete anyos, na kumatagpo sa akin doon sa likod, sabi, “Sandali lang, G. Branham.”

Sabi ko, “Opo, ginoo?”

Sabi niya, “Alam mo, hindi mo lang nauunawaan.”

Sabi ko, “Sana nga hindi ko talagang nauunawaan.”

<sup>12</sup> Kaya sinabi niya, “Alam mo,” sabi niya, “naiintindihan ko ang punto mo.” Sabi, “Isa kang singkuwenta anyos na lalaki. Pero kung kasing edad mo ako, magiging iba na iyon.”

<sup>13</sup> Sabi ko, “Sandali lang.” Sabi ko, “Ipinapangaral ko na ang Ebanghelyo noong mas bata pa ako nang sampung taon kaysa sa iyo. Pinaniniwalaan ko pa rin ang Ebanghelyo ring iyon. Natagpuan ko ang isang bagay na kapalit, at may higit na kagalakan sa paglilingkod sa Panginoon kaysa sa lahat ng mga bagay na magagawa ng Diablo saan man.” Ito’y isang . . . Ito’y nagbibigay ng kasiyahan.

<sup>14</sup> Alam ninyo, sinabi ni David, minsan, “Kung paanong ang usa ay nananabik sa batis na umaagos, gayon nananabik ang aking kaluluwa sa Iyo, O Diyos.”

<sup>15</sup> At kung nakakita na kayo ng isa sa naturang mga munting nilalang, kapag siya’y—siya’y nasugatan; sinagpang marahil siya ng mga aso, at nahaltak ang isang malaking bahagi mula sa kanyang tagiliran, o anumang. Nagdurugo siya. At, siya, kaya siyang tuntunin ng aso. Hindi ito katulad ng tao. At magagawa nitong sundan ’yung usa kahit na nagdurugo man siya o hindi. At kaya ang tanging paraan . . . Kung nagdurugo ’yung usa, ang tanging paraan na lamang niya para mabuhay ay ang makapunta kung saan may tubig. At kung makakarating siya sa kung saan may tubig, iinumina niya ang tubig na iyon. Pahihintuin nito ang pagdurugo, at—at makakalayo na siya. Talagang matalino siya.

<sup>16</sup> Ngunit ngayon nakikini-kinita n'yo marahil, nakikita ang isa sa mumunting nilalang na iyon na sugatan at nagdurugo, at sadyang kung papaanong nakatingala ang kanyang munting ulo, at lahat ng pandamang mayroon siya sa pagtunton kung saan naroon ang tubig, sa pamamagitan ng kanyang ilong. Talagang, kailangan niyang masumpungan ang tubig, kundi ay mamamatay. At ngayon ito'y talagang buhay at kamatayan na, sa kanya. Siya, sadyang bawat—bawat—bawat kaliit-liitang amoy na naaamoy niya, siya'y nagpupumilit, nananabik. Kailangan niya itong masumpungan.

<sup>17</sup> Ngayon, ganoong paraan dapat tayo manabik sa Diyos. Kita n'yo? “Kung paanong ang usa ay nananabik sa batis na umaagos, ganyon nananabik ang aking kaluluwa sa Iyo, O Diyos.” Ang maikubling kasama Niya sa kung saan man, ang siyang hangarin ng puso ko. At nagtitiwala akong iyon ang hangarin ng lahat ng naririto sa gabing ito.

<sup>18</sup> At ngayon, gabi-gabi, at gusto kong nakikita ito. Ang mga mukhang nakikita mo sa isang lugar, nakikita mo sila sa iba pa. Ako—gusto ko iyon. Ipinapakita ninyo ang inyong pakikisama, at ipinahahayag ang dahilan kaya tayo naririto.

<sup>19</sup> At, oh, gusto ko talagang makakita ng isang makalumang rebaybal sa Phoenix. Oh, naku! Ang salitang iyon na *Phoenix* ay pinasabik na ako mula pa noong unang beses ko itong mabasa, ang tungkol dito: Phoenix, Arizona. Naku, bata pa, naisip ko na, “Kung makakapunta lang ako sa lugar na iyon! Kung makakapunta lang ako roon, sa Phoenix!” At ngayong nakikita ko na ito, at nang maparito na kami'y nasumpungan namin itong lubha nang lubog sa kasalanan, gaya ng lahat ng iba pang mga lugar, na dinadayo ng mga turista; at nagsisipag-inuman, nagpapakalango, imoralidad, narito nang lahat.

<sup>20</sup> Ngunit, gayun pa man, sa gitna ng lahat ng iyon, ay makakasumpong ka ng mga tunay na hiyas na niliglig ng Diyos mula rito sa disyertong ito, na nangagsisiningning sa putong ng mga kalugod-lugod na mga tao ng Diyos. At iyan ang ipinunta ko rito, sa gabing ito, ang isama ang sarili ko sa inyong mga kapatid na lalaki at sa inyong mga kapatid na babae, upang sikapin na pagningningin ang Liwanag ng Panginoong Jesus sa iba pa, nang sa gayo'y masumpungan sila, rin naman, sa malaking kaguluhang ito. At marami sa kanila ang naroroon pa rin. Nasisiyahan ako diyan. Marami pa ang papasok, at nararapat nating gawin ang lahat ng makakaya natin upang madala sila roon, at magsipamuhay ng isang buhay na isasalamin si Cristo.

<sup>21</sup> Ngayon, bago muna natin basahin ang isang munting teksto ng Kasulatan. . . Masyado na akong nahuli sa pagdating ilang mga tala lang ang naisulat ko, sa loob ng mga limang minuto. At kapapadala lang sa akin ng kagawaran ng rentas internas ng ilang mga dokumento sa pagbubuwis, kaya kinailangan kong

maipadala kaagad-agad, at kailangan pa itong mapatatakan sa koreo, sa palagay ko, hanggang sa araw na ito, yata. At kaya kinailangan kong magpunta sa tanggapan ng koreo. At pagpasok ko, sabi ni Billy, “Kailangan n’yo na pong magmadali.” At kaya heto . . .

<sup>22</sup> Sadyang nagpabalik-balik ako, nang pabalik-balik, nang pabalik-balik, sa mga taong iyon. Naku, ay, naku! Nagsasalita sila tungkol sa hustisya sa mga pintuan ng hukuman. Iniisip ko nga kung nasaan kaya iyon. Oo. Wala pa akong nakitang ganoon. At gusto nila akong pagbayarin ng buwis sa kita ng bawat tsekeng ibinigay sa akin sa loob ng nakalipas na limampung taon, na pawang pambayad sa mga bayarin ng gawaing pangmisyon, na may kasama nang multa rito, kita n’yo, na tatlong daan at limampu’t limang libong dolyar.

<sup>23</sup> Sabi ko, “Barilin n’yo na lang ako.” Papaano ko magagawa iyon? Sabi ko, “Ni wala nga halos akong hihigit sa limampu’t limang sentimos.” Sabi ko, “Papaano ko pa kaya mababayaran iyon?” At hindi nila ako tinantanan nang limang taon.

<sup>24</sup> Kaya, tungkol sa mga taong nagbibigay. Katulad ng, magdadaos kami ng isang gawaing pangmisyon, at—at ang mga tao, ang alam lang nila’y William Branham ang pangalan ko, basta na lamang sila nag-i-isyu ng tseke para sa mga gastusin. Ang mga ministro na ang bahala roon. Hindi ako kailanman kumuha ng offering sa tanang buhay ko. At kaya kumukuha sila . . . Tumatanggap ako ng—ng suweldo mula sa iglesya ko, ng isang daang dolyar kada linggo.

<sup>25</sup> At ang offering na ito . . . Pero ang bawat isa, kita n’yo, na inilalagay nila iyon sa . . . At kinaumagahan, ang—ang—ang—’yung pinuno ng komite sa pananalapi, lalapit siya at sasabihin, “Kapatid na Branham, kailangan mong pirmahan ang mga tsekeng ito.” At, siyempre, basta ko na lamang pipirmahan ang mga iyon. Ibabayad na niya ang mga iyon. At pagkatapos ay siniyasat nila ang lahat-lahat ng iyon, at wala ni isang sentimo ang ginastos para sa sarili ko. Pero nang pirmahan ko raw ang tsekeng iyon, sinabi nilang sa akin daw iyon. Ibinibigay sa akin ’yon ng mga tao, pagkatapos ibinibigay ko naman ’yon sa iglesya. Oh, naku!

<sup>26</sup> Talagang sumama ang loob ko, noong una, pagkatapos natuklasan ko na bawat tao pala sa Biblia, sa paniwala ko, na humawak ng isang pang-espirituwal na katungkulan para sa Diyos, ay nasangkot sa gobyerno. Balikan n’yo ito at alamin ito. Siyanga. Sina Moises, Daniel, Juan Bautista. Si Jesus Cristo ay namatay sa kamay ng gobyerno, sa ilalim ng pinakamabigat na kaparusahan. Sina Pedro, Santiago, Juan, Juan na tagapaghayag, lahat, bawat . . . Lahat ay dumanas ng pag-uusig.

27 Bakit? Ito ang luklukan ni Satanas. Alam n'yo ba iyon? Alam n'yo ba, na dinala ni Satanas si Jesus sa mataas at ipinakita sa Kanya ang lahat ng mga kaharian, ang sanlibutan, sa isang iglap? At sinabi niya, "Sa akin ang mga iyan. Ginagawa ko sa mga iyan anuman ang gusto ko. Kita Mo? At ibibigay ko ang mga iyan sa Iyo kung magpapatirapa Ka at sasambahin ako." Kaya nakita ninyo kung sino ang nagmamay-ari sa mga iyon? Hindi natin gustong isipin iyon sa ganang atin, pero ganun nga ito.

28 Kaya sinabi Niya, sabi ni Jesus, "Lumayas ka, Satanas." Alam na Niyang Siya ang magmamana ng mga iyon, sa Milenyum. Alam na Niyang magiging sa Kanya ang mga iyon kapag. . . Kung kailan, kapag pinamahalaan na ng Diyos ang mga bansang ito, iyon na ang Milenyum. Subalit darating ang panahon.

29 Mayroon silang mga U.N. at mga League of Nations, at lahat na, upang sikaping maghatid ng kapayapaan. Subalit hangga't si Satanas ang nasa itaas nito, at ng pulitika, anong mangyayari? Maglalaban-laban sila na sadyang kasing tiyak ng sanlibutan.

30 Subalit darating ang panahon kung kailan titipunin na ang lahat ng mga armas. At magsisitunog ang mga panghukbong tunog ng trumpeta, at sisilay na ang umaga ng Magpawalang-Hanggan, na maliwanag at maaliwalas. Luluklok na ang ating Hari sa Kanyang trono. Oh! Magkakaroon ng awitan; magkakaroon ng hiyawan. At magkakaroon ng iisang watawat, isang lahi, isang bansa, na nagsasalita ng iisang wika, na Makalangit. Amen. Pinananabikan ko ang panahong iyon. At ako'y nagtutumulín sa hangganang iyon, na nagtitiwala sa Diyos, na balang araw kapag tapos na ito, ay masasabi kong. . . Maririnig ko Siyang sabihin sa akin, "Pumaitaas ka pa rito."

31 Narito ako sa Phoenix sa gabing ito sa Pangalan ng Panginoon. Ako—hindi ko sisikaping ipaliwanag kung ano ang nangyari. Marami sa inyong mga tao na kumukuha nung mga teyp, tiyaking makukuha n'yo ang isang iyon, *Anong Oras Na Ba, Ginoo?* Iyon ay bago muna ako umalis sa bahay noon. Pinapunta ako rito ng isang pangitain; na, hindi ko alam kung ano. . . Hindi ko. . . Hindi ako nagbibenta ng teyp, at hindi ko ipinagdidiinan ang mga bagay na 'yon. Inirerekord namin ang mga iyon, at may gawain kami na para sa mga pagteteyp sa buong mundo. Papunta doon sa malalayong mga kagubatan at saan pa man, ay mayroon silang maliit na kung anong inilalagay nila sa mga tainga, na mayroon sila, at magagawang iteyp ito sa mga teyp, at tumayo roon at isalin iyon mismo sa wika nilang iyon. At napapasa-buong mundo ito.

32 At, ngunit 'yung isa na nagkaroon ako, 'yung *Anong Oras Na Ba, Ginoo?* O, *Ito Na Ba Ang Oras, Ginoo?* Ilang. . . Ako. . . Sabado ng gabi, tatlong linggo na ang nakakaraan, doon sa iglesya. Pagkatapos ng buong buhay kong nakakakita ng mga

pangitain, hindi pa ako kailanman nagkaroon ng anumang gaya nito noon, sa tanang buhay ko. At hindi ko alam kung ano ito. Basta narito lang ako, subalit pinapunta Niya ako rito. Hindi ko alam kung ano ang kahulugan nito. Ako lamang. . .Basta naparito lang ako.

<sup>33</sup> At nararapat akong maging tapat at totoo, at iyon lamang ang tanging paraan na makakarating tayo saan man sa Diyos, ay ang maging totoo. Pagkat, malalaman ng mga tao. Nalalaman ng Diyos, sa pasimula, na ika'y hindi, maging kung ikaw nga o hindi. At malalaman ng mga tao. Dahil, isang beses, ay may isang taong sinisikap na magpropesiya. At sinabi ng Diyos. . . O, sinabi sa kanya nung tunay na propeta, sabi, "Alalahanin natin. May mga propeta nang nauna sa atin. Kinikilala lamang ang propeta kapag nangyari ang kanyang propesiya." Kaya mas mabuting tiyakin natin na alam nating sinabi talaga ng Diyos ang gayon, bago tayo magsabi ng anuman tungkol dito. Maging tapat at totoo.

<sup>34</sup> Ngayon yumukod tayo sandali para sa panalangin. Ngayo'y isantabi natin ang bawat alalahanin ngayon, sa loob ng susunod na ilang sandali. Iniisip ko. . .Dito sa munting kaibig-ibig na grupo ng mga tao rito sa gabing ito, alam kong may mga hiyas na nariritong nakaupo na ipaparito ni Jesus upang kunin balang araw, na babangon mula sa alabok.

<sup>35</sup> At maaaring may ilang naririto na hindi pa gaanong tiyak kung mapaparoon nga ba sila, o hindi. Marahil ay may kailangan pa kayong ibang bagay. Kung may pangangailangan sa inyong buhay sa gabing ito, ipabatid ito sa Diyos, habang inyong itinataas lamang ang inyong kamay, na sinasabi lamang, "Diyos, batid Mo po kung anong ibig kong sabihin ngayon. At pagpalain Mo po ako. Ako, ako po'y may sakit. Kailangan ko po ng kagalingan. Ako'y—ako'y nalilihis ng landas. Kailangan ko pong makabalik sa pakikisama. Ako—nais kong makabalik. Ako'y—nagkamali po ako. Nagbabalik na po ako. Ibig ko pong tulungan Mo ako, sa gabing ito, na makabalik." Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>36</sup> Makalangit na Ama, ngayon habang dumudulog po kami sa Iyong luklukan, sa pamamagitan ng daan ng Dugo. Sapagkat. . . At pumasok si Aaron sa harap ng—ng luklukan ng awa, kinuha niya, muna, ang dugo, at pumasok na siya. At kami, sa pamamagitan ng pananampalataya ngayong gabi, ay tinatanggap ang Dugo ng Panginoong Jesus, at lumalakad na patungo sa luklukan ng Diyos, nang may lakas ng loob, na nalalamang mayroon kaming karapatan na lumapit, hindi sa ganang sarili naming katuwiran, kundi ang sa Kanya. Ang Dugo ay kumakatawan sa paglilinis sa amin. At dalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyo pong ipagkakaloob ang aming kahilingan.

<sup>37</sup> Una, hinihiling po naming kahabagan Mo kami, na pinapatawad kami sa lahat ng aming mga pagsalangsang,

habang ipinahahayag namin ang aming mga pagkakamali, at ang aming mga pagkukulang, at ang aming mga lihim na kasalanan, at ang aming mga hindi batid na kasalanan. At ipinahahayag rin namin bilang mga ministro, bilang mga saserdote, ang mga kasalanan ng mga tao. Sama-sama po kami, Panginoon, na tumitindig. Mahal namin ang mga tao. Pakiramdam nami'y gaya ni Moises nang kanyang ilagay ang kanyang sarili sa pagitan, para harangan ang mga tao, sa poot ng Diyos. Kaydakilang pagpapakita iyon, ng katuwiran ni Cristo, nang iharang ni Cristo ang Kanyang Sarili sa pagitan, upang iligtas ang mga tao.

<sup>38</sup> At, Ama, kami bilang Kanyang mga lingkod, na taglay ang Kanyang Espiritu sa amin, sa bawat Cristianong naririto ngayong gabi, ay inilalagay ang kanyang sarili sa unahan ng makasalanan: “Diyos, kahabagan Mo po sila.” Nagsusumamo kami para sa mga maysakit at mga nangangailangan, para sa mga minamahal na mga kamay na iyon, na ang ilan sa mga iyon ay matatanda na, at ang ilan ay bata pa, at ang iba naman ay nasa kalagitnaang-gulang, na itinataas ang kani-kanilang mga kamay. Batid Mo po ang lahat ng tungkol doon, Panginoon. Dalangin namin na Ika'y tutugon ayon sa Iyong mga kayamanan sa kaluwalhatian.

<sup>39</sup> Marami nawa sa gabing ito, Panginoon, ang yumaon mula rito, na pumarito, na may sakit, nawa'y yumaon sila, na maigi, magaling na. Na sadyang may bagay na naganap, ni hindi nila iyon maipaliwanag, gayunma'y alam nilang magaling na sila.

<sup>40</sup> Nawa'y yaong mga nalihis ng landas ay yumaon na inaring-ganap, Panginoon, na nalalamang sila'y nanumbalik at binalikan si Cristo kung saan nila Siya iniwan. Yumaon nawa sila, na nagsisipagbalik-loob. Ipagkaloob po, Panginoon, na yaong mga hindi pa kailanman lumalapit ay masumpungan ang mahalagang kalayaan na iyon ng pagiging malaya, na pinakawalan na mula sa hawla, hindi na nakagapos pa sa mga bagay ng sanlibutan at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, kundi ay napalaya na kay Cristo. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

<sup>41</sup> Pagpalain Mo po ang lahat ng aming pangangailangan ngayon, at pagpalain po ang Iyong Salita at ang Iyong lingkod, at amin Kang papupurihan. Sa Pangalan ni Jesus ay hinihiling po namin ito. Amen.

<sup>42</sup> Ngayon, kung ating babasahin ang isang teksto ng Kasulatan, o isang Kasulatan para sa isang teksto, pala, Unang Mga Taga Corinto ika-14 na kabanata, ang ika-8 talata, ganito ang mababasa, sa Unang Mga Taga Corinto 14:8.

*Sapagka't kung ang trumpeta ay tumutunog nang walang katiyakan, sino ang hahanda para sa pakikibaka?*



43 Sapat na itong teksto na magagawa nating makapangaral ng dalawang linggo mula ngayon tungkol dito, at gayunma'y ni hindi pa rin mahihipo ang mga gilid nito. Mayroong kung anong bagay tungkol sa Salita na kinasihan. Lagi kang patuloy na nasa isang tekstong iyon. Magagawa mong pagtugma-tugmain ang buong Biblia sa pamamagitan nito. Tama 'yon.

44 Isang araw tinanong ako ng isang lalaki, sabi, "Paano mo nagagawang talakayin ang ganoon pa ring teksto?"

Sabi ko, "Oh, naku! Makakakuha ka ng konteksto ng kahit ano mula rito."

45 Pumulot ako ng isang maliit na tatluhang-dahong clover na nasa lupa, at itinaas ito. Nakaupo rito ngayong gabi ang naturang lalaki, na taga-Tucson. At naroon kami sa Pasadena, California noon. At sabi ko, "Magagawa kong kunin itong tatluhang-dahong clover at mangaral nang dalawampu't limang taon tungkol dito: kung paanong ito'y isang buhay, na taglay nito sa loob nito; kung paanong, ang tatlong pagka-dahon, ay bilang siyang pagka-trinidad sa lisa. At, oh, oh, sadyang napakaraming mga bagay na magagawa nating sabihin tungkol dito."

46 At paano naman ang isang Kasulatan? Ito'y Salita ng Diyos. Ito'y Walang Hanggan. Ito—ito ay... Ito ay walang katapusan. Ito'y sadyang nagpapatuloy lang, tuluy-tuloy, nang tuluy-tuloy. Isa itong kanlungan sa atin.

47 At ngayon sa gabing ito'y nais kong mangusap tungkol dito: *Isang Trumpeta Na Tumutunog Nang Walang Katiyakan.*

48 Sa pag-iisip ko tungkol rito, kani-kanina lang, noong iniisip ko ang tungkol sa... doon sa usapin tungkol sa buwis sa kita, naisip ko, "Halos wala nang anuman ngayon na may katiyakan. Ang lahat ng bagay ay wala na talagang katiyakan dito." At anumang bagay na walang katiyakan ay hindi mapagkakatiwalaan. Anumang bagay na walang katiyakan ay hindi mapagkakatiwalaan. Layuan ninyo ito kung ito'y walang katiyakan.

49 Kung may negosyo kayo; at, kung saan, mayroon tayong mga negosyanteng naririto, marahil marami sa kanila. Kung nagpapatakbo ka ng isang negosyo na walang katiyakan, hindi ka maglalagay ng napakalaki rito, dahil ang—ang kita ay walang katiyakan, at hindi ka gaanong mamumuhunan rito. O, kung isa kang mahusay, na matalinong negosyante, maghaintay ka at magsasaliksik, kung mayroon kung kaunting pera na maipamumuhunan, hanggang sa makakita ka ng isang bagay na tiyak, isang bagay na mapagkakatiwalaan, isang bagay na maaasahan mo. Dahil, ayaw mong mawala 'yung kaunting pera na naitabi mo, dahil sa pamamagitan niyon ay kailangan mong kumita ng ikabubuhay mo, mula sa kapakinabangan sa—sa mga dibidendo na lumalabas sa puhunang ito. Aba, kailangan mo na—na may mapagkunan ng ikabubuhay.

<sup>50</sup> At itong kaunting pera na naitabi mo, huwag mo itong ilagay sa iyong bulsa at iwan ito roon, dahil dudukutin ito ng mga magnanakaw. Kita n'yo? Huwag, huwag ninyong gawin iyon. Kung mayroon kayo nito, ipuhunan n'yo ito sa isang bagay. At pagkatapos gusto ninyong makasiguro sa katiyakan ng puhunan ninyo. Kung hindi, aba, huwag na itong ipamuhunan, pa.

<sup>51</sup> Kaya, ang negosyo ay tiyak ngang nasa alanganin ngayong gabi. Anumang negosyo, halos, sa mundo, ay nasa alanganin, dahil ang mundo'y nasa alanganin. Sadyang hindi mo mahahayaan ang iyong sarili . . .

<sup>52</sup> “Ngayon, mag-iipon ako ng *ganito kalaking* pera, para makapagpatayo ako ng isang magandang, kaibig-ibig na tahanan sa kung saan.” Iyan ay, 'yan ay talagang alanganin. Sasabihin ko sa inyong ito nga, dahil magagawa itong kunin lahat ng gobyerno, sa loob lang ng isang gabi.

<sup>53</sup> Oh, ang mga bagay na lubhang nagpabulok sa ating demokrasya, hanggang sa maging talagang wala na itong katatagan! Dati'y nagagawa nating magtiwala nang lubos sa ating demokrasya. At, na, sa akin ngang palagay ay ito ang pinakamainam na anyo ng gobyerno. Ngunit, gayunman, ang ating demokrasya ay hindi matatag. Dahil, tayo, ang bansang ito, ang mga kababayan natin, mayroon tayong isang konstitusyon, at ang konstitusyong ito ay—ay ang ating pinaka-ultimo. Subalit, gayun pa man, diyan, ay walang katatagan ang ating konstitusyon, dahil maraming beses na itong nalabag. Napakalaking kapinsalaan ang nagawa rito ng yumaong G. Roosevelt. Kaya, kita n'yo, nakita ninyong maaaring malabag ito. Hindi ka makapaglalagak ng gaanong pagtiwala rito.

<sup>54</sup> Ang pulitika, oh, naku, talagang walang katatagan! Sadyang nagtatalu-talo ang mga tao, nang nagtatalo, nang nagtatalo, tungkol sa pulitika. At mag-aaway-away ang mga magkakapitbahay, tungkol dito, pati na ang mga taong minsa'y naging mabuting magkakaibigan. May isang presidenteng lilitaw, o may isa, na tatakbo sa pagka-sheriff, o kung ano man, at 'yung isang tao sa kabilang bakod ng pulitika, at magtatalu-talo sila sa isa't isa hanggang sa mag-away-away na sila tungkol dito, ang pulitika. At hindi ako . . . sana'y hindi ko masaktan ang damdamin ng sinuman, ngunit sa tingin ko'y bulok na ang lahat-lahat tungkol dito. Kita n'yo? Siyanga, po. Kaya bakit pa kayo magtatalu-talo at mag-aaway-away tungkol sa isang bagay na wala namang buting naidudulot? Tama nga. Sadyang napakasama nito.

<sup>55</sup> May isang nagsabi sa akin noong isang araw, sabi niya, “Ikaw—boboto ka ba ngayong eleksiyon?”

Sabi ko, “Nakaboto na ako.”

Sabi, “Oh, sa eleksiyong ito?”

<sup>56</sup> Sabi ko, “Ibinoto ko na si Jesus.” Sabi ko, “Sasabihin ko sa iyo. May dalawang taong bumoboto sa akin.” Sabi ko, “Bumoto ang Diyos para sa akin, at ang Diablo’y bumoto naman laban sa akin. At bumoto ako para sa Diyos, kaya bumoto ako nang tama.” Depende sa kung saan ninyo ilalagay ang boto ninyo, kung paano ang kahihinatnan ninyo.

<sup>57</sup> Kaya, pansinin, kamakailan lang, para maipakita lamang sa inyo ang isang munting punto, at pagkatapos ay iiwan na natin ito. Nitong huling halalan sa pagkapangulo, nang lubos na mapatunayan sa Chicago at sa iba’t ibang lugar, na ang mga makinang ginamit nila sa pagboto, na, isinaayos ang mga iyon ng partidong Demokratiko, na tuwing boboto ka para kay G. Nixon, ay kinakailangan mo ring bumoto para kay G. Kennedy, nang sabay. Kaya, wala kang tsansa. At pinatunayan ’yon!

<sup>58</sup> At narinig n’yo ang *Monitor* noong isang gabi, nang magsagawa sila ng isang—isang pag-iinspeksyon sa buong bansa, mula sa Mississippi, pasilangan. Nang tiningnan ni G. Nixon itong pagpapatawag ng mga boto, apat sa isa. Paano nga mananalò ’yung tao? Kung naging si G. Kennedy ’yun, tiyak na magiging ganun din iyon. Wala akong pinapanigang partido sa dalawang ’yon.

<sup>59</sup> Ang partido ko’y sa Langit, at kasama ko mismo sila rito ngayong gabi. Nangakaupo tayo sa Sangkalangitan, na nangag-uusap tungkol sa ating Hari.

<sup>60</sup> Ngunit, nakita n’yo, sinisikap kong sabihin sa inyo, na ang mga bagay na ito ng mundo ay wala nang katatagan. Doon, hindi kayo makapaglalagak ng tiwala sa mga iyon. Walang katiyakan ang mga iyon. At anumang bagay na walang katiyakan, mas gugustuhin ko pang lumayo na lamang ako rito. Hindi ko gusto ang negatibong bagay na iyon. Hindi ko gustong mahalo sa panig na negatibo. Gusto ko itong positibo, ang maging nasa panig ng positibo.

<sup>61</sup> Ngayon, naging wala nang katiyakan ang buhay pantahanan. Alam n’yo, may nakita akong isang sanaysay noong isang araw, sa isa sa mga peryodiko sa kung saan, na ang antas daw ng diborsiyo sa Amerika ay mas mataas kaysa sa alin mang bansa sa buong mundo. At ipinapalagay pa man ding isang relihiyosong bansa tayo. Oo, maaari ngang ganun, sa relihiyon, siyanga, subalit hindi ito ang tamang uri. Kita n’yo? Ang relihiyon ay isang pantakip lamang. Mahirap sabihin kung sa ano gawa ang pantakip natin. Sinubukan ni Adan na gumawa ng ilan mula sa mga dahon ng igos, at hindi iyon umubra. Naging talagang alanganin iyon nang kailanganin na niyang lumabas para humarap sa Diyos. Kaya hindi man lang ito matutugunan ng relihiyon. Subalit maiisip n’yo ba na ang antas ng diborsiyo natin, ay mas mataas kaysa—kaysa sa lahat ng iba pang mga bansa, ang antas ng diborsiyo natin? Nakikita nating kumikilos ang imoralidad sa mga tahanan natin.

<sup>62</sup> Talagang kamangha-mangha na matuklasan, iyon, ang isang napakalaking porsiyento sa pagsisiyasat sa bansa. At doon sa . . . Sa palagay ko'y doon ito sa Ohio, kung saan isang pagsisiyasat ang isinagawa tungkol sa Cristianismo, at nakakabahala kung ano ang porsiyento ng mga ni hindi man lamang nagsisimba. At pagkatapos, mga walumpung porsiyento nung mga nagsisimba, ang hindi alam kung bakit sila nagpupunta. Hindi nila alam kung bakit sila dumadalo. Basta nagpupunta lang sila sa simbahan.

“Bakit ka pumupunta?”

<sup>63</sup> “Mangyari kasi, isinasama kami ni nanay noong mga bata pa kami, at patuloy lamang kaming nagpupunta.” At— at pagkatapos, ngayon, ang isa pang porsiyento niyon, ang nagsabi na nagpupunta sila para lang sa, oh, upang makipagkita sa kanilang mga kapitbahay at makipagkuwentuhan sandali. Kita n’yo?

<sup>64</sup> Aba, nakakabahala ito! Hindi kataka-takang wala na ang buhay pantahanan, kita n’yo, anumang buhay pantahanan na hindi matatag.

<sup>65</sup> Ang sinumang babae na magpapakasal sa isang lalaki, at hindi siya nakakatiyak sa lalaking iyon, mas mainam pang hayaan na lamang niya itong mag-isa. At ang sinumang lalaki na magpapakasal sa isang babae, at hindi nakakatiyak, mas mainam pang hayaan mo na lamang siyang mag-isa. Mas mabuti pang ipanalangin mo nang husto, ang tungkol dito, hanggang sa ibigay ng Diyos sa iyo ang katugunan. At kung magkagayo’y ang pinagsama ng Diyos ay huwag papaghiwalayin ng tao. Ngunit tayo—tayo, una, dapat nating ipanalangin nang husto, ang tungkol diyan. Oo.

<sup>66</sup> Ngayon, natuklasan natin na pinipilit nating papagbaliking-loob ang sanlibutan sa pamamagitan ng programang pang-edukasyon, at talagang nagkasira-sira na tayo dahil dito, tiyak ngang ganun. Hindi ninyo mapapagbalik-loob ang sanlibutan kay Cristo sa pamamagitan ng edukasyon. Hinahatak siya ng edukasyon palayo sa Diyos, higit kaysa hinahatak siya nito palapit sa Diyos, dahil pinipilit niyang isiping siya’y mas matalino at higit ang nalalaman kaysa kanino pa man. Gaano man kabuti ang edukasyon, hindi kailanman inatasan ni Cristo ang Kanyang Iglesya na gawing edukado ang sanlibutan. Hindi Niya sila kailanman ginawang edukado, para gumawa ng mga seminaryo. Hindi Niya ginawang edu- . . . Oh, mabubuti ang mga ’yon. Hindi Niya sila kailanman sinabihan na humayo’t magtayo ng mga ospital. Na ayos lang ’yan.

<sup>67</sup> Ngunit ang gawain ng Iglesya ay ang ipangaral ang Ebanghelyo. “Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha.” Kita n’yo?

Subalit anumang naiiba rian, ay nawawalan ng katatagan, dahil wala iyon sa programa ng Diyos.

<sup>68</sup> Ang buhay pambansa ay walang katiyakan. Buweno, ang mundo'y walang katiyakan. Sadyang nabubuhay tayo sa isang lugar kung saan ang mundo'y bumibigay na ang katinuan, parang ganun, niyayanig ang lahat. Bawat bansa, bawat isa, natatakot ang isa sa isa pa. Pinag-uusapan nila ang kapayapaan.

<sup>69</sup> Nagkaroon sila, minsan, sinabi nila, "Oh, noong makidigma tayo sa Unang Digmaang Pandaigdig, na lahat ng mga kalalakihan nati'y kinakailangang magtungo roon, at iyon ang tatapos ng mga digmaan." Aba, ni hindi pa nga nila naitaboy sa hangin ang usok ng sandata hanggang sa naroon na naman sila sa isa pa.

<sup>70</sup> Pagkatapos ay nagkaroon sila ng League of Nations, at 'yun ang magbabantay sa mundo, at bumagsak ito. Ngayon ay mayroon naman silang U.N., at ganoon pa rin naman ito. Bumagsak na ito. Wala ritong anuman.

<sup>71</sup> Ang lahat na ay walang katatagan; ang buhay pambansa, ang buhay pampulitika, ang mga makinang pangboto. Oh, naku! Ang mga 'yun ay sadyang . . . Ang buong bagay ay magulo, lahat.

<sup>72</sup> Ngayon nais ko itong ipagdiinan pa nang kaunti. Kita n'yo? Ang gulo na ng buhay pananambahan at walang katiyakan. Ngayon, iyon ang sinasabi ni Pablo. Kita n'yo? Doon niya ipinatutungkol ang, "Kung ang trumpeta ay tumutunog nang walang katiyakan." Ang gulo na ng buhay pananambahan. Halos hindi na alam ng mga tao kung ano ang gagawin. Nagtungo sila, na palipat-lipat sa mga iglesya, sinisikap alamin kung alin ang nagtataglay ng tunay na bagay; mga palipat-lipat, na sinisikap hanapin kung ano ang tama, kung nasaan ang tamang doktrina. At darating ang isa, at kaya nila itong ipaliwanag, sadyang halos hanggang sa ang pinakapunto na ng kanilang kredo, ay tama. At pagkatapos, malalaman mo na lang, matutuklasan nilang may napakaraming kabulukan doon, hanggang sa subukan naman nila ang isa pang iglesya, para malaman kung ano ang kredo ng mga ito, ang doktrina. Oh, ang lahat ng ito, natuklasan nating pinagwatak-watak na natin ang mga sarili natin pagkatapos, sa pamamagitan ng mga bagay na ito, tungo sa daan-daang iba't ibang grupo ng iglesya. Ngayon, walang minamasama diyan. Iyon lamang ay magagawa nila ang iba pang mga bagay, pagkatapos, na ginagawa nga nila, at tiyak na mayroon namang buti itong maidudulot, sa kung saan.

<sup>73</sup> Subalit, nakita n'yo, hindi kayo makapaglalagak ng pagtitiwala sa pagsasabing, "Kaanib ako sa samahan ng mga iglesyang Methodist, at ako—ayos naman ako dahil kaanib ako rito." "Ako—ako—kaanib ako sa samahang Baptist, at ayos naman ako." Hindi n'yo magagawa iyon.

74 Ni hindi ninyo ito magagawa kapag sinabi ninyong kayo'y "kaanib sa samahan ng mga iglesyang Pentecostal." Hindi n'yo iyon magagawa. Hindi ninyo iyon dapat gawin, dahil hindi ito ganoon. Nalaman natin na noong ang una nating samahang Pentecostal, ang Pangkalahatang Konseho, ay maisaayos, hindi gaanong nagtagal hanggang sa magsimula na silang humiwalay roon, at humiwalay rito, at mga usapin, at mga doktrina. At ngayo'y tingnan na lamang ito, saan man. Kita n'yo? Ipinapakita lamang nitong wala itong katiyakan. Yaong mga nagtitiwala sa organisasyon lamang, ito'y—ito'y walang katiyakan.

75 Ngayon, sasabihin ninyo, "Kapatid na Branham, dinadala mo kami sa balag ng alanganin dito. Nagpipinta ka ng isang napakadilim na larawan." At sinasadya kong gawin 'yan. Gusto ko itong gawin.

76 Ginawa ko ito para sa isang layunin, nang sa gayon ay maaari kong sabihin ito. Mayroon pa bang bagay na tiyak? Oo. Mayroong isang bagay na tiyak. Oh, lubos kong ikinagagalak iyan, na mayroong isang bagay na mapaglalagakan ninyo ng inyong pagtitiwala, at makasisiguro na ito'y tama. Oh, kapag naglaho na ang lahat ng iba pang bagay, *Ito* ay mananatili pa rin. Kung babasahin ninyo ang San Mateo 24:35, sinabi Niya, "Ang Langit at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi mabibigo." Ang Diyos ay may isang tiyak na pundasyon.

77 Isang matandang lalaki, ang nagsabi minsan, isang maitim na matanda doon sa bandang Timog. Nagdadala siya ng Biblia, at hindi siya marunong bumasa. At sabi nila, "Bakit mo pa ito dinadala, Sam?"

78 Sabi niya, "Ito'y—ito'y ang Banal na Biblia." Sabi, "Nasusulat ito rito." At sabi, "Sinampalatayanan ko Ito, mula harap hanggang likod, at sinampalatayanan ko rin pati ang pabalat," sabi niya, "dahil mayroon itong 'Banal na Biblia' na nakasulat Dito."

79 At 'yung lalaki ay nakikipag-usap sa kanya, sabi, "Naniniwala ka naman bang Nariyan na lahat?"

Sabi, "Oo, naman. Sigurado ako."

80 Sabi nito, "Ngayon, buweno, ibig mo bang sabihin gagawin mo ang lahat ng ipinagagawa ng Bibliang iyan?"

Sabi niya, "Siyanga, po."

81 Sabi, "Paano kung sinabi ng Biblia na 'yan na tumalon si Sam patagos sa batong pader na *iyon* doon? Ano'ng gagawin mo?"

Sabi niya, "Tatalon ako."

82 Sabi nito, "Buweno, ngayon. Papaano ka makakatagos sa batong pader nang wala namang butas doon?"

<sup>83</sup> Sabi niya, “Kung sinabi ng Biblia na tumalon si Sam, magkakaroon ng butas doon kapag nakarating na si Sam doon.” Kaya, iyon, sadyang tama iyon. Magkakaroon ng butas doon.

<sup>84</sup> Ang tanging bagay na kailangan n’yong gawin ay ang manindigan sa Salita ng Diyos, at ang Diyos na ang gagawa ng paraan sa nalalabi nito. Oh, ang dakilang pundasyong iyon.

<sup>85</sup> Sa paniwala ko’y sinabi Niya, doon sa Lucas, sa paniwala ko’y dun nga, kung saan sa pagbaba sa bundok, ay sinabi Niya sa mga alagad, “Ano ba ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?”

At sabi ng isa, “‘Si Jeremias,’ at ‘ang mga propeta,’ at kung sinu-sino pa.”

At sabi Niya, “Ngunit ano ang sabi ninyo kung sino Ako?”

<sup>86</sup> Doon na sinabi ni Pedro’yung tanyag na pahayag na, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.”

<sup>87</sup> Sabi Niya, “Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas, sapagkat hindi laman at dugo ang nagpahayag sa iyo nito. Kundi ang Aking Ama na nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban Dito.”

<sup>88</sup> Ano ito kung gayon? Sa ibabaw ng nahayag na katotohanan ng Salita ng Diyos. Sapagkat, “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at nanahan sa gitna.” At inihayag kay Pedro na iyon ang pinagtibay na Salita ng Diyos. Amen.

<sup>89</sup> Iyon ang dahilan kaya nasasabi Niya, “Sino ang makahahatol sa Akin tungkol sa kasalanan? Sinong makapagpapatang sa Akin? Lahat ng isinulat ng Salita na patungkol sa Akin, ay ginawa Ko.” Pinagtibay ito ng Diyos, na Siya ang Salita. Oh, iyon nga. Ang Diyos na nahayag. Sinasabi ng Salita na gayon nga, at pagkatapos ay ginagawa ito ng Diyos na totoo, pinapangyari ito, ipinakikita ito.

<sup>90</sup> Mga taon na ang nakakaraan, nang sabihin nila sa iglesya, “Walang ganoong bagay na gaya ng bautismo ng Banal na Espiritu. Iyon ay emosyon lamang na gawa-gawa ng mga tao sa kanilang mga sarili.” Ngunit ang mga nakatanggap Nito, ay nalamang iyon ang katotohanan. Nalaman nilang tunay ang Diyos. At napatunayan na, hanggang, sa panahong ito ngayon, ang Pentecostal na pagkilos ng Diyos sa lahat ng mga bansa, ay naghatid ng mas marami kay Cristo kaysa sa nagawa ng lahat ng iba pa sa kanila.

<sup>91</sup> Ang *Our Sunday Visitor*, kamakailan lang, ang pahayagang iyon ng Katoliko, ay nagsabi; sa palagay ko’y noong nakaraang taon bago itong huli, o nang nakaraang taon, na isa; na, “Ang iglesyang Katoliko ay nakapagtala lamang ng kalahating milyong napagbalik-loob. Kung saan naman, ang mga

Pentecostal ay nakapagtala ng isang milyon, limang daang libo.” Amen.

<sup>92</sup> Ano ito? Isa itong lumalagong bagay, ang Salita ng Diyos, na patuloy na lumalaganap. Gaano tayo nararapat na magpasalamat! Labis-labis na ito, hanggang sa, maging sa ngayo’y ang mga Episcopalian, mga Presbyterian, mga Lutheran, at lahat na, ay nagdaratingan upang makabahagi ng kaunti Nito. Napansin n’yo ba sa pagpupulong ng Business Men, naririnig n’yo silang nagsasalita tungkol sa iba’t iba: ang Episcopalian, Lutheran, Presbyterian. Aba, napakadalang na ninyong makaririnig ng isang Pentecostal na gumagawa pa ng kung ano pa mang bagay. Siyanga. Ito’y lahat ng iba na. Dahil bakit? Nakita na nila ang kahinaan ng kanilang mga kredo, at nagsibalik na silang muli sa Salita. Diyan kayo makasusumpung ng isang pundasyon, isang bagay na hindi matitinag.

<sup>93</sup> Makikita roon, ang Espiritu Santo na isinasapamuhay ang Kanyang Buhay sa mga tao, na ipinahahayag ang Kanyang Sarili sa sanlibutan. At pinapaging uhaw nito ang mga tao sa Kanya: hindi mayayanig, hindi mapasisinungalingan, ang Salita ng Diyos na nahayag at ipinamamalas ang Kanyang Sarili, ang mismong Salita na isinasapamuhay sa pamamagitan ng buhay ng tao. Talagang kamangha-manghang bagay! Walang bagay na walang katiyakan tungkol diyan. Nakikita ninyo kung saan nangako ang Diyos, at heto nga itong nahahayag. Daan-daang taon na ang nakararaan ay nagsalita ang mga propeta tungkol dito, at heto na nga ito na nakikita na nating natutupad na.

<sup>94</sup> Sa lahat ng mga pagbatikos, sa lahat ng mga pagkakaiba-iba, sa lahat ng mga kredo, kung gaano nila sinubukang yurakan ang Salitang iyan ng Diyos! Kung gaano nila sinubukang ipalit ang edukasyon. Sinubukan nilang palitan, gumawa ng denominasyon. Nilito na nila ang kani-kanilang mga sarili. At sa lahat-lahat ng ito, ang Salita ng Diyos ay nananatili pa ring nakatindig na kasing liwanag at kasing ningning niya noon pa man. Ano ito? Ito’y yaong bagay na tiyak. Sinabi ng Diyos, “Ang kalangitan at lupa ay kapwa lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi mabibigo.” Kung gayon, iyon ay isang bagay na tiyak. Nais mong iangkla ang iyong sarili. Iangkla mo ang Salitang iyon sa iyong puso.

<sup>95</sup> Sinabi ni David na kanya Itong iningatan sa kanyang puso, upang hindi siya magkasala. Isinulat niya ang Kanyang mga kautusan sa poste ng higaan, at itinali ang mga iyon sa kanyang mga kamay at saan man, inilalagay sa tuwina ang Kanyang Salita sa kanyang harapan. Ganoon ang paraan. Ituon ang inyong isipan tuwina . . .

<sup>96</sup> Sinabi ng Diyos kay Josue, “Huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, mula Rito. Kung magkagayo’y iyong pagiginhawahin ang iyong mga lakad. Kung magkagayo’y magtatamo ka ng mabuting tagumpay.”



<sup>97</sup> At kapag ang iglesya ay pagkaisahing lahat ang sarili nito palayo sa mga kredo nito, at sa ibabaw lang ng Salita ng Diyos, kung gayon ang iglesya ay magkakamit ng mabuting tagumpay. Iyon ang bagay na yuyurak sa komunismo.

<sup>98</sup> Ano ba ang nagpalitaw sa komunismo, sa mismong bagay? Naiisip niyo ang “komunismo,” kapag pinalalaganap niya ang kanilang propaganda, at lumalago nang labis-labis, nang milyun-milyon, at ito’y kinatatakutan ng mga tao. Ang komunismong iyan ay maglalaho at mamamatay. Tiyak ngang ganoon. Ang komunismo, maaari nilang gawin ang *ganito*. Maaari nilang gawin ang *ganoon*. Naniniwala akong gagamitin ito ng Diyos, ngunit, siyanga, gaya ng ginawa Niya kay Nebuchadnezzar. Pupuksain Niya, ang—ang—ang. . . lahat ng mga damo, nang ganap, sa pamamagitan ng komunismo. Ngunit, iyon. . . Hindi, sige labis na tayo diyan. Ngunit, tingnan. Ngunit ang bagay na iyon, ang komunismo, ay magkakaroon ng katapusan. Hahantong ang komunismo sa katapusan nito.

<sup>99</sup> Subalit ang Salita ng Diyos ay walang katapusan, dahil wala Itong pasimula. Amen. Ito’y Walang Hanggang kasama ng Diyos. At kung kayo ay nakaangkla na, at ang Salita ay nakaangkla sa inyo, kayo ay Walang Hanggang kasama ng Salita. Amen.

<sup>100</sup> Kailangan nitong humantong sa katapusan nito. Ang lahat ng mga bagay na iyan ay walang katatagan. Kahit na gaano pa kalaki ang itinatayo nilang haligi, tiyak na guguhho ito. Ang lahat ng mga bagay na hindi sa, na laban sa Salitang iyan, o taliwas dito, ay kinakailangang tumabi. Kakailanganin nitong magbigay-daan, sapagkat ang Salita ay matagumpay na dumarating. Walang anumang makapipigil Dito. Sinabi na ng Diyos na gayon nga.

<sup>101</sup> Kapag binigkas Niya ito, ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit hindi ito kailanman mabibigo. Ikubli ang Salitang iyon sa inyong puso, kung paanong tanggapin ang Salitang iyon at hayaan Itong yumabong. Ingatan Ito sa inyong isipan, palagi, sapagkat hindi Ito kailanman mabibigo. Hindi kailanman mabibigo ang Salita ng Diyos, sapagkat sinabi Niyang Ito nga’y hindi. Kaya nais natin itong panatilihin nang ganoon.

<sup>102</sup> Ngayon, sinabi ni Pablo, sa Mga Kasulatan, katulad ng pagsasanay sa isang sundalo, ng isang sundalo sa isang tunog. Ngayon, kinakailangang matutunan ng isang sundalo ang mga tunog ng kanyang, ng tambuli o ng trumpeta. Hindi niya nalalaman kung ang trumpeta’y sumesenyas, tumutunog, kung para—para sumugod o kung para umurong. Kung hindi niya alam ang pagkakaiba, ano kayang uri ng naguguluhang hukbo ang magkakaroon kayo? Tiyak ngang magtatagumpay ang kalaban sa isang pulutong ng mga sundalong ni hindi sinanay nang mas mainam pa ryan. Amen.

103 Iyon ang problema sa mga iglesya natin ngayon. Sinanay natin sila sa mga kredo, na pinag-iiba-iba ang isa't isa.

104 Kinakailangan nating magkaisa. Kinakailangan nating makilala ang isang trumpeta. "Kung gayon alin ang trumpeta?" sasabihin nila. Ang pang-Ebanghelyong trumpeta, Ito nga iyon. Ang Salita ng buhay na Diyos ay ang Trumpeta. Huwag ninyo Itong hahaluan ng kahit ano.

105 Huwag ninyong hayaang patunugin ng isa ang isang silindro, at hipan naman ng isa pa ang isang tambuli. Hindi malalaman ng sinuman kung ano ang gagawin. Naghahatid ito ng kalituhan.

106 At si Pablo ay nagsasalita noon tungkol sa pagsasanay sa isang tao sa isang tunog. At sadyang kung ano ang tunog na iyon, nalalaman niyang talaga kung ano ang gagawin, dahil naatasan ang tagatugtog ng tambuli, at mula sa punong kapitan. At kapag pinatunog na niya ang trumpetang ito, alam ng hukbo nang sadyang eksakto ang puwesto kung saan—kung saan susulong, at kung saan uurong, at kung liliko ba sa kanan o sa kaliwa, o kung ano ang gagawin, sa pamamagitan ng pagpapatunog ng trumpeta.

107 Ngayon, ang hukbo, ang digmaan, digmaan na noon pa man. Hindi tayo kailanman umaanib sa Iglesya, o pumapasok sa Iglesya, para pumunta sa isang piknik. Dapat nating mapagtanto na tayo ay patungo sa isang lugar ng labanan.

108 Hindi ako kailanman nagpupunta, para tapikin ako ng mga tao sa likod at sabihing, "Kapatid na Branham, isa kang kahanga-hangang tao." Hindi, po. Nagpupunta ako roon na may suot na kalasag. Hindi ko kailangan ng isang kalasag para diyan. Nagtutungo ako na may suot na helmet at baluti. Nagtutungo ako para makipaglaban, ipakipaglaban ang bawat pulgada ng lupain.

109 Sinabi ng Diyos kay Josue, "Bawat dakong matungtungan ng talampakan ng iyong paa, iyon ay ibibigay Ko sa inyo." Kaya, ang mga bakas ay nangangahulugan ng pagmamay-ari.

110 At kapag humantong na ang iglesya sa isang punto, na ito'y nakikipagkompromiso na sa mga kredo, at nakikipagkompromiso na sa Salita, at nakikipagkompromiso na sa sanlibutan, ang ibig kong sabihin, kung gayon ito'y natatalo na. Ito'y paurong na.

111 Ang kailangan natin sa gabing ito'y mga sundalo upang ariin ang bawat Banal na pangako ng Bibliang ito, na ipinangako ng Diyos sa Iglesya, ang buong kagayakan ng Diyos, at upang manindigan. Iyon ang kailangan natin, mga sundalo; hindi ang magkaroon ng isang uniporme para sa isang paradang pangmilitar, iba talaga ito. Kapag ang isang tao . . .

112 Anumang bansa, mayroon tayong mga espiya sa bawat bansa. Mayroon tayong mga Alemang espiya rito. Mayroon

tayong mga Ingles na espiya rito. Mayroon tayong—mayroon tayong mga espiya doon sa Inglatera. Ano ang sinisikap nilang gawin? Sinisikap nilang alamin kung anong uri ng materyales, kung anong uri ng bomba, na mayroon ang kabila. Halos nasa bawat bansa na ang F.B.I. Nagmamanman sila, para alamin. Sa ganoon sila nananatiling buhay. Nagmamanman sila at inaalam kung anong uri ng bomba ang tataglayin nung kabila. Pagkatapos ay nakakakuha sila ng detalye at ginagawa itong mas mahusay nang kaunti, o kaya ay gumagawa ng isang bagay para makontra iyon. Hindi nila pinagkakatiwalaan ang isa't isa, sa mga bansa, dahil ipinapakita niyan na nangababalisa na ang mga bansa. Aba, pasasabugin tayo ng Inglatera, sa loob ng isang oras, kung hahadlangan natin sila, o tayo ang magpapasabog sa kanila. Kailangan lang na may isang tao na naroon sa pamunuan ng bagay na iyon doon, na medyo makipag-inuman nang kaunti, nang labis, o makipag-away sa kung ano man, at pagkatapos ay hayun na.

113 Dito hindi pa katagalan, sinasabi nila, ang isang maliit na piraso ng bilihin, “Gawa sa Japan,” noong panahon ng digmaan. Kanila itong ibabalibag sa sahig, at lalakad-lakaran, bilang mga makabayan. At ngayon naman magbabayad kayo ng mas malaking halaga para dito kaysa alinmang binibili ninyo sa bansa. Ano’ng nangyari? Nabayaran ba niyan ang mga buhay ng mga kalalaking iyon na nangamatay doon? Tiyak ngang hindi.

114 Ano ba iyon? Hindi mahalaga sa akin kahit gaano man kayo makipaglaban pagdating sa mga materyal na bagay, magtungo man kayo, wala itong kabuluhan ni isa mang bagay. Mayayanig ito. Ngunit may isang pakikipaglaban kung saan maaari kayong makasama at makapagtagumpay na hindi na kailanman mababawi pa sa inyo. Iyon ay ang pang-Ebanghelyong tunog ng trumpeta ng Salita ng Diyos, at taglay na ang mga kaloob at mga pangako na Kanyang ibinigay sa Iglesia. Tiyak nga. Ngayon, nalaman natin—nalaman natin, sa pagpapatunog sa trumpelang ito.

115 Ngayon, sinisikap armasang ng bawat bansa ang kani-kanilang mga kalalaking ng pinakamahuhusay na mga pandepensa na makukuha nila. Ngayon, alam ko, na hindi madaling dalhin ang mga baluti na ito kung minsan.

116 May kapatid akong lalaki, “Rookie,” ang tawag nila sa kanya, na nagpupunta rito, at binibigyan siya ng hukbong sandatahan ng isang siyamnapung librang kargada sa likod niya. At halos kasing bigat na niya iyon. Binigyan nila siya ng isang pala, para gamitin sa paghuhukay; isang riple, at sangkaterbang mga granada. At, oh, hindi pa ako nakakita ng ganoong kargada! Halos hindi na makagalaw ang kawawang bata. At dinala nila siya roon sa kalsada para sa isang limang milyang paglalakad. Halos patayin na siya nito. Sabi niya, “Para saan ba itong walang kuwentang bagay na ito? Para sa ano ko ba kakailanganin

ang napakalaking lumang helmet na ito?” Ngayon, tingnan n’yo. Alam ng hukbong sandatahan na kakailanganin niya iyon balang araw. “Ano ba ang paggagamitan ko ng pala, dito sa kalsada, sa paglalakad?” Mas mainam nang masanay ka na sa paggamit nito. Baka kailanganin mo ito.

<sup>117</sup> Walang ipapamahaging kagamitan ang gobyerno malibang alam mo...alam nila na kakailanganin mo itong gamitin. Kailangan mong magsanay para diyan. Humahanap sila ng pinakamahuhusay na mga bagay na makukuha nila, na pang-protakta sa iyo, dahil may malasakit sila sa bansa. May malasakit sila na mapalakas ka sa pinakamahusay na paraang magagawa para sa iyo, na mailayo sa mga bala. Ganoon na iyon noon pa man.

<sup>118</sup> Nagsimula ito noon sa halamanan ng Eden. At sinasanay ng Diyos ang Kanyang Iglesya. At ang . . .

<sup>119</sup> Alam ninyo, kailangan nating magpaunlad sa tuwina. Ngayon, ang mga lumang eroplano na dati nating ginagamit noong Unang Digmaang Pandaigdig; nang Ikalawang Digmaang Pandaigdig na, aba, ’yung mga munting pantumba sa himpapawid ay nalaos nang lahat, nang makabuo sila nitong mga magagara’t malalaking super na eroplanong mayroon sila. Aba, walang sinabi ang mga iyon. At ngayon, ’yung mga ginamit nila nitong huling digmaan, hindi na ngayon ginagamit ang mga iyon. Hindi na nila kailangan ang mga iyon. Mayroon na silang mga jet. At, kita n’yo, lagi kang nagsisikap magpaunlad, na paunlarin pa ang bagay na iyon bilang pandepensa.

<sup>120</sup> Pero alam n’yo ba kung ano? Hindi na kailangan ng Diyos na magpaunlad pa. Ibinigay na ng Diyos sa Kanyang mga anak, sa Kanyang mga sundalo, ang mismong pinakamabuting bagay na maibibigay sa kanila. Nang bigyan Niya sila, ano’ng ibinigay Niya sa kanila? Ibinigay Niya sa kanila ang Kanyang Salita doon sa halamanan ng Eden, at dapat palakasin ng tao ang kanyang sarili sa likod ng Salita ng Diyos, at walang diablong makakakuha sa kanya. Ang manatili sa Salita.

<sup>121</sup> Ngayon, ang kalabang espiya, na si Satanas, ay pinilit na alamin kung ano ang maaari niyang gawin para makapasok doon. Kaya siya—alam niya na hindi siya basta-basta makakalitaw at dayain siya, kaya ang tanging bagay na magagawa niya ay ang daanin siya sa pangangatwiran. At iyan ang ginagamit ng Diyos sa panahong ito, upang palakasin ang Kanyang Iglesya, ay ang Kanyang Salita. At si Satanas naman ay dumarating na gamit ang kapangyarihan ng pangangatwiran. Alam ni Satanas na iyon ang bahaging maaaring lusutan. Iyon ang punto kung saan pinakamadaling bumigay ang mga tao, ay sa pangangatwiran.

<sup>122</sup> Sasabihin n’yo, “Ngayon, hayaan mo lang akong makipagkatwiran sa iyo. Ngayon kailangan ba ito?”

123 Kung sinabi ng Diyos na kailangan ito, kailangan nga ito, kahit na kailanganin pa nating mag-iiyak, at magpapalahaw, at gawin ang lahat ng *ito*. Kung sinabi ng Diyos na kailangan ang bautismo ng Banal na Espiritu, hindi mahalaga sa akin kahit gaano pa Ito kabigat, at kahit gaano pa kalaking sanlibutan ang kailangan ninyong isuko. Kakailanganin ninyo Itong gamitin, isa sa mga araw na ito, para manatiling buhay. Ang nag-iisang daan tungo sa kaligtasan.

124 “Ngayon, dapat ba nating isagawa ang Makalangit na pagpapagaling, gayong mayroon naman tayong pinakamagagaling na mga doktor sa mundo?”

125 Ibinigay ng Diyos sa inyo ang Makalangit na pagpapagaling dahil alam Niya na kailangan ninyo itong gamitin. Binigyan Niya kayo ng mga kaloob ng Espiritu.

126 At nung sandaling makalapit na si Satanas kay Eba, siya’y nagsimulang makipagkatwiranan sa kanya. Ngayon, “Siguradong, siguradong, hindi gagawin ng Diyos *’yon*.”

127 Sinasabi ng mga tao ngayon, “Walang ganoong bagay na gaya ng impiyerno.” Marami sa kanila ang nagsasabi sa inyo niyan. Kita n’yo? “Oh, siguradong hindi susunugin ng Diyos ang Kanyang mga anak.”

128 Tiyak nga, na hindi Niya sinusunog ang Kanyang mga anak. Kundi ang Diablo ang susunog, sa mga kanya. Kanino ba kayong anak? Iyon ang sunod na mahalagang bagay. Ang impiyerno ay nilikha para sa Diablo at sa kanyang mga anak, hindi sa mga anak ng Diyos. Wala ni isa man sa mga ito ang mapupunta doon. Tama nga. Nakadepende ito sa kung kaninong anak kayo.

129 Ngayon, ibinigay ng Diyos kay Eba at Adan ang Kanyang Salita, at hindi Niya Ito binago kailanman. Mayroon Siya sa tuwinang... Ang Cristiano, o ang mananampalataya, ang kanyang Pananggalang ay ang Salita.

130 Ang Mga Langit at lupa ay lilipas. Lilipas ang bawat kredo. Mabibigo ang bawat denominasyon. Lulubog ang bawat bansa. Ngunit mananatili pa rin ang Salita ng Diyos, nang Magpasa-walang Hanggan. Darating ang panahon na hindi na sisikat pa ang tala sa umaga. Darating ang panahon na hindi na sisikat ang araw, at hindi na magliliwanag ang buwan, at hindi na iinog ang mundo sa landas nito.

131 Ngunit mananatili pa ring ganoon ang Salita ng Diyos magpakailanman. Oo. Iyon ang isang bagay na hindi matitinag, isang bagay na masasandigan mo. Tiyak ito. Kapag may sinabi ang Diyos na anuman, ito’y tiyak na mangyayari.

132 Kung sinabi Niya noon, sa halamanan ng Eden, para sa isang Manunubos, ay isusugo Niya ang Mesiyas, ito’y tiyak na darating. Bagama’t apat na libong taon silang naghintay, ngunit

dumating Siya doon. Kinailangan Niyang dumating sapagkat isa itong Salitang ipinangako ng Diyos.

<sup>133</sup> Ipinangako ng Diyos na isusugo Siyang muli. Darating Siya rito. Wala akong pakialam gaano man karaming mga ateista at mga mapagduda ang magsilitawan, ano pa man ang gawin nila, gaano man lumaganap ang komunismo. Paparito si Jesus Cristo, at kukunin ang isang Iglesyang nilinis ng Dugo, at dadalhin ito sa isang biyaheng pahimpapawid patungo sa Langit. Bakit? Tiyak na mangyayari ito. Sinabi ng Salita ng Diyos na gayon nga.

<sup>134</sup> “Kung kaya mong manampalataya, ang lahat ng bagay ay maaaring mangyari.” Tiyak iyon. Sinabi nga ng Diyos ang gayon, at hindi ito matitinag, hindi ito mayayanig. Sinabi nga ng Diyos, kung mananatili lamang kayo rito, ngayon. At magkaroon ng pananampalataya rito, sampalatayanan ito.

<sup>135</sup> Hindi ito isang tunog na walang katiyakan. Ang Diyos ay hindi magbibigay ng isang walang katiyakang tunog. Makapagbibigay ang mga kredo ng walang katiyakang tunog. Makapangangaral ang mga denominasyon ng walang katiyakang tunog. Ngunit ang Diyos ay hindi maglalabas ng isang walang katiyakang tunog. At ang Salitang ito ay Diyos. At wala itong anumang tungkol Rito na walang katiyakan. Tiyak ang bawat kaliit-liitan Nito.

<sup>136</sup> Ngayon, nagagayakan ang dakilang Iglesya sa pamamagitan ng Salita. Ngayon, nang pumarito si Jesus, ginamit ba Niya ang gayun ding kagayakan? Tiyak ngang ginamit Niya.

<sup>137</sup> Nang lumapit sa Kanya si Satanas, sa buong lakas niya, at sinabi niya, “Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, gawin Mo ang *ganito*, *ganoong* mga bagay.”

<sup>138</sup> Sabi Niya, “Nasusulat. . .” Bumabalik mismo sa Salita. Sinubukan pa Siya ni Satanas sa medyo mas mataas. Subalit, si Jesus, bumabalik mismo sa Salita, “Nasusulat. . .”

<sup>139</sup> Nanatili Siya roon, sa ibabaw ng Salitang iyon, na ipinapakita sa atin bilang isang halimbawa. Gaya ng sinabi Niya sa Unang Mga Taga Corinto, unang. . . San Juan 14:13, “Kayo’y binigyan Ko na ng halimbawa.” At iyon ay isang halimbawa, na dapat nating didbabin, na dapat nating lubusang ilagak ang ating pagtitiwala sa Salita ng Diyos. Hayaang maging kasinungalingan na ang lahat ng iba pa. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

<sup>140</sup> Iyon ang isang bagay na tiyak. Ang Diyos ang nangako. Tutuparin ng Diyos ang pangakong iyon. Sinasabi nila, “Papaano mangyayari ang *ganitong* bagay? Papaano Niya magagawang pagsama-samahin ang isang pangkat ng mga tao, sa pamamagitan ng biyayang Makapag-aagaw, upang pumaitaas?” Hindi ko alam kung paano Niya ito gagawin. Hindi ko na gawain pang tanungin kung papaano Niya ito

gagawin. Ang gawain ko ay ang maging handa lamang para dito. Ipinangako Niya ito. Mangyayari ito. Pinatatag ang Kanyang Iglesya sa pamamagitan ng Salita.

<sup>141</sup> At ang unang bagay ay katwiran. Ngayon sinasabi nila, “Hindi ba’t makatwiran naman ngayon, na kung kaanib ako sa iglesyang *ito*, hindi ba kasing buti lang iyon ng iglesyang *iyon*?”

<sup>142</sup> Mayroon lamang nag-iisang Iglesya na maaari kayong mapabilang. Hindi ninyo Ito kailanman masasalihan. Maaari kayong sumali sa mga samahan, samahang Methodist, at isang samahang Presbyterian, at sa samahang Baptist, at ang samahang Pentecostal. Subalit ipinanganak kayo sa Iglesya ni Jesus Cristo, kaya hayan nga ang Iglesya.

<sup>143</sup> Mga samahan ang mga iyon, kung saan nagtitipun-tipon ang mga tao, tulad ng mga uwak na nakadapo sa sangang *ito*, at ang mga kalapati naman sa sangang *ito*, at—at iba pa. Iyon ang pakikisamang mayroon kayo nang sama-sama, kapag pinagsasaluhan ninyo ang iisang karaniwang pagkain.

<sup>144</sup> Subalit pagdating na sa Iglesya ni Jesus Cristo, mayroon lamang iisang daanan. Iyon ang Kapanganakan. Kapanganakan!

<sup>145</sup> Tulad lamang ito ng isang tao, tulad ng nasabi ko na nang maraming beses, gaya ng isang ibong itim na nakadapo sa sanga, na pinipilit na isuksok ang mga balahibong paboreal sa kanyang mga pakpak, at sinasabi, “Nakita mo, isa akong matikas na paboreal.” Kita n’yo? Isinuksok niya ang mga balahibong iyon, sa kanyang sarili. Kung isa siyang tunay na paboreal, ang kanyang kalikasan ang maglalabas ng ganoong uri ng balahibo.

<sup>146</sup> Kung ang Iglesya ng buhay na Diyos ay ang Iglesya nga ng buhay na Diyos, ilalabas nito ang Salita ng buhay na Diyos. Hindi n’yo na kailangan pang magdagdag ng balahibo ng paboreal saan man. At bawat balahibong naroroon ay nakakabit sa paboreal. Mapaniniwalaan n’yo iyon. At bawat balahibo na nakakabit sa Iglesya ng Diyos ay magiging ang Salita ng Diyos. Hindi siya kailanman magpapasok ng ano pa man maliban sa Salita. Amen. Dahil, tanging ang Salita lamang ang inilalabas ng kalikasan ng Espiritu. Amen. Nagiging relihiyoso na ang pakiramdam ko. Siya nga.

<sup>147</sup> Hindi kung anong bagay na pinipilit mong gawin, hindi mo kayang gumawa-gawa lang ng reli- . . . Hindi kung anong bagay na ginagawa-gawa mo lang. Hindi mo kayang gumawa-gawa lang ng kaligtasan. Hindi mo kayang gumawa-gawa lang ng mga kaloob. Kailangan mong ipamunga ang mga kaloob. Tiyak nga. Kita n’yo? Ang—ang tupa ay hindi, hindi siya gumagawa ng balahibo ng tupa. Mayroon siyang balahibo ng tupa dahil isa siyang tupa. Sadyang inilalabas lang niya ang balahibo ng tupa. Ang—ang—ang puno ng seresa ay hindi gumagawa ng

mga seresa. Sadyang nagbubunga lang ito ng mga seresa, dahil ganoon nga ang buhay nito.

<sup>148</sup> At ang Iglesya ng buhay na Diyos ay hindi Ito itinuturok, para lang piliting gawin ang kanilang mga sarili na magmukhang katulad ng isang kung anoman. Ganoon na talaga sila, sa biyaya ng Diyos. At nakalakip na sa kanila ang Salita ng Diyos, at nakalakip na sila sa Salita. At ang mga gawang namalas doon sa isang sakdal, na si Jesus Cristo, ang Diyos na nahayag sa laman, ay ilalabas ang sarili nito sa bawat mananampalatayang ipinanganak na muli. Ganoon nga ang sinabi Niya. Amen. Wala nang iba pa. Ngayon, iyan ay isang bagay na tiyak.

<sup>149</sup> Ngayon, magiging medyo—medyo nakakalito sa isang tao, kung hindi pa niya alam ang tunay na tunog ng trumpeta. Ngayon, ang tao na hindi kailanman sinanay sa tunog ng trumpeta, at hindi pa kailanman nakarinig nito, buweno, maaaring medyo malito siya kapag nakarinig siya ng isang bagay na kakaiba ang tunog mula sa narinig na niya. Noon pa niya laging naririnig, “Umanib ka sa iglesya. Dalhin mo ang sulat mo sa banda *rito* at sa banda *rito*.” Maaaring ayos naman iyon. Iyon lang ang tanging nalalaman niya.

<sup>150</sup> Subalit ganun pa man kapag binabalikan mo na, ang tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo, ang pangungusap tungkol sa kapangyarihan ng Diyos at sa mga bagay na ginagawa Niya; at kung paano nito ginagawa ang mga kababaihan at kalalakihan, kapwa, na linisin ang kanilang mga sarili, mula sa isang buhay na makasalanan; kung paano nito sila ginagawang lumakad nang may kabanalan, nang may katapatan. At ang mga bagay na ginagawa nito, at ibinubunga ang bautismo, pagsasalita sa iba’t ibang wika, pagpapagaling sa mga maysakit, pagpapalayas sa mga demonyo, pagbibigay ng propesiya, mga kaloob, oh, mga pangitain, lahat na ng bagay sa Iglesya. Aleluya! Tama nga. Kapag lumalabas ito, kung gayon ito’y medyo nakakalito na sa kanila na mga hindi pa kailanman nakarinig ng ganoong uri ng trumpeta.

<sup>151</sup> “Buweno,” sasabihin mo, “hindi ’yan itinuturo ng iglesya ko.” Kung gayo’y hindi ang trumpeta ng Ebanghelyo ang hinihipan nito. Luwalhati! Tama.

<sup>152</sup> Subalit sa kanila na mga sinanay na sundalo, aleluya, kapag kanilang narinig ang tunog ng trumpetang iyon, alam nila kung paano tumindig nang maayos. Sulong, Cristianong kawal! Luwalhati! Oh, tiyak iyon!

“Papaano mo nalalamang tiyak ito?”

Naroon ito sa Salita.

“Buweno,” sasabihin mo, “hindi Iyan itinuturo ng iglesya namin.”



153 Subalit Ito ang itinutunog ng trumpeta. Hindi ko nais na sanayin ako sa isang kredo ng iglesya, dahil mayayanig ito at guguhu. Ngunit kung ikaw ay sinanay sa tunog ng Salita, ang mga langit at lupa ay lilipas, at hindi kailanman lilipas ang Salitang ito. Bawat kredo, ang lahat ng iba pa, ay guguhu. Subalit hindi mabibigo kailanman ang Salitang ito. Amen. Iyon ang tunog. Iyon ang tunog na nais kong marinig. Siyanga, po.

“Oh,” sasabihin mo, “papaano ko malalaman?”

154 Sinabi ni Jesus, “Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tunog. Nakikilala nila ang tunog ng Aking trumpeta.” Sinabi Niya, sa San Juan, ika-14 na kabanata at ika-12 talata, “Ang sa Akin ay sumasampalataya ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa.” Ngayon, sinabi Niya iyon.

Kung sinasabi ng isang tao, “Buweno?”

155 Sinabi sa Mga Hebreo 13:8, “Si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

“Oh,” sinasabi nila, “sa isang banda.”

156 Ngayon, ang isang totoong tupa ay magsasabi ng, “Uh-oh. Oh, may kung anong umingit, diyan. Hindi tama ang tunog niyan. Oh, iyan marahil ay isang silindro. Hindi iyan isang trumpeta, dahil hindi nagbibigay ang Biblia ng walang katiyakang tunog.”

157 Sinasabi Nito, “Matatanggap ninyo ang Banal na Espiritu.” Hindi, “Maaari ninyo.” “Matatanggap ninyo, bawat isa.” Hanggang kailan? “Hanggang sa inyong mga anak, at sa mga anak ng inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Patutunugin nito ang trumpeta sa bawat lahi at sa bawat salinlahi, at diringgin nila ang Kanyang tinig. Sasampalatayanan nila Ito, nung mga itinalaga para sa Buhay. Amen. Sasampalatayanan nila Ito sapagkat alam nilang ang trumpeta ng Ebanghelyo Itong tumutunog. Hindi ito walang katiyakan. Alam ng bawat sundalo kung paano tumindig.

158 Ngayon, nakita ninyo sina Pedro, at si Juan, si Santiago, at ang sinaunang iglesya, na nagmamartsa patungo sa daang ito, sapagkat ang trumpeta, si Jesus, ay nagsabi, “Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo.” Marcos 16, kita n’yo, “Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya.” Nakikita natin sina Pedro, Santiago, Juan, ang iba pa sa kanila na lumilinya, nagmamartsa nang naayon Doon.

159 At tayo naman ay lumiliko sa kung anong ibang daan, palayo Rito? Ang isa ay pasulong, ’yung isa naman ay paatras? Sinasabi ng isa, “Buweno, para iyon sa iba. Iyon, iyon—ang tunog na iyon, ay para sa iba.” Oh, hindi. Hindi ito maaaring maging gayon.

<sup>160</sup> Dinirinig ng buong hukbong Cristiano ang trumpeta. Sinabi ng Diyos na iyon ay ang trumpeta. Hindi Niya ito maaaring baguhin. Iyon ang tunog na sinabi Niya na tutunog. “Sa ganito’y malalaman ng lahat ng tao,” at yayaon na palayo ang Iglesya.

<sup>161</sup> Ang iba sa kanila ay hindi naniniwala sa Kanyang literal na Pagparito. Sinabi ng Biblia na paparito Siya, kaya naghihintay tayo para sa Kanyang Pagparito. Kung hindi Siya paparito ngayong gabi, maghihintay tayo kinaumagahan. Kung hindi Siya paparito kinaumagahan, maghihintay tayo bukas ng gabi para sa Kanya. At magpapatuloy tayo sa paghihintay. Kung makatulog man tayo, ang ating—ating. . . hindi pa tayo nahimlay nang walang kabuluhan. “Sapagkat ang trumpeta ng Diyos ay patutunugin ang huling trumpeta na iyon, at ang mga nangamatay kay Cristo ay babangon. At tayo na nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin, at mapaparoon na magpakailanman.” Iyon ang tunog ng trumpeta. Maging buhay man ako o pumanaw na, wala nang anumang pagkakaiba. Maririnig ko ang tunog na iyon. Babangon ako. Luwalhati sa Diyos! Babangon. Oh, siyanga. Siyanga.

<sup>162</sup> Sinabi ni Jesus, na, “Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig.” Siya ang Salita na nahayag. Nang ang. . . Sa ganoong paraan Siya nakikilala ng Kanyang mga tupa.

<sup>163</sup> Ngayon tingnan ang mga Fariseo at sila noong panahong iyon. “Oh,” sabi nila, “si Beelzebub ang Taong ito.” Nang sabihin Niya sa babae sa balon, ang lugar, ang tungkol sa kanyang mga kasalanan, ang mga asawang nagkaroon siya. Nang sabihin Niya kay Nathanael kung nasaan siya, sa ilalim ng puno kung saan siya tinawag ni Felipe, doon sa ilalim ng punong igos, na nananalangin. Aba, sabi ng mga gurong iyon ng panahong ’yon, “Si Beelzebub ang Taong ito. Isa Siyang diablo. Isa Siyang manghuhula.”

<sup>164</sup> Subalit hindi iyon ganoon kina Pedro, Santiago, at Juan, sa iba pa sa kanila. Batid nila ito. Bakit? Alam nila na sinabi ng Diyos na kapag dumating ang Mesiyas, sa ilalim ng kinasihang tinig ni Moises, Siya ay magiging isang propeta. At nang makita nila ang mga bagay na iyon na Kanyang sinabi na nahahayag at ginagawang sakdal, batid na nilang iyon ay pagkain ng mga tupa. Batid na nilang iyon ang trumpeta. At nagsimula na silang sundan ito. “Nakikilala ito ng Aking mga tupa,” dahil nakikita nila ang Salita ng Diyos na nahahayag.

<sup>165</sup> Ngayon, ang mga tao naman ngayon, hindi sila naniniwala na mayroong ganoong bagay na tulad ng bautismo ng Banal na Espiritu. Magtungo ka naman dito o saan man kung saan mayroon silang Banal na Espiritu, at nakikita nila ang pangako ng Diyos na natutupad nang talagang eksakto, aba, “Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig.” Kilala nila ang tunog ng

trumpetang iyon sapagkat ito'y ang Biblia. "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Siya pa rin ang Mga Hebreo 13:8, talagang-talaga.

<sup>166</sup> Walang anuman sa akin, ngayon, wala itong katiting na pagkakaiba gaano man karaming tambuli ng iglesya ang tumutunog. Napakarami nating mga tumutunog-tunog na tambuli ng iglesya, alam n'yo na, na nagpapatunog ng lahat na ng klaseng bagay sa paligid, na nagsasabi, "Oh, ang mga araw ng himala ay lipas na. Wala nang ganyang bagay na tulad ng Makalangit na pagpapagaling."

<sup>167</sup> Oh, ang mga tunay na tupa ay hindi nakikinig diyan. Kundi sila ay nakikinig sa trumpetang iyon, sa positibong iyon.

<sup>168</sup> Maaaring tumunog ng kahit ano ang tambuling iyon ng iglesya. Maaari kayong . . . Tingnan n'yo kung ano ang taglay nito ngayon, ang mga tambuli ng iglesya. 'Yung isa ay patungo sa gawing *ito*, at 'yung isa naman ay patungo sa gawing *iyon*. At nakaupo ang Diablo, sinasabi, "Naku, sadyang nag-aaway-away na sila. Iyon lang. Ni hindi ko na kailangang pakilusin pa ang kamay ko."

<sup>169</sup> Ngunit, kapatid, hayaan silang lahat na magkakasamang lumaban minsan, magsibalik sa pinaka atas. Oh, naku! Kung magkagayo'y makikita n'yo ang isang "sulong, mga Cristianong kawal," mismo, na hindi nakikinig sa mga tambuli, kundi nakikinig sa trumpetang iyon.

<sup>170</sup> Huminto lamang tayo, sandali, at bumalik at tumingin sa ilan ngayon. Malapit na tayong magtapos, dahil hindi ko nais na panatilihin kayo nang napakatagal. Ngunit balikan natin at tingnan ang ilan na nakarinig ng tunog na ito. Kunin nating halimbawa . . . At sila'y may katiyakan. Ngayon, ipinakita ko na sa inyo na ang lahat ng iba pa ay walang katiyakan. Kunin lang nating halimbawa ang isang matandang tauhan, sandali.

<sup>171</sup> Ipaghalimbawa natin ang propetang si Job. Ngayon, nagdaan sa isang pagsubok ang taong iyon, ngunit batid niya na isang sinunog na handog ang hinihingi ng Diyos. Iyon ang hinihingi ng Diyos, at tanging iyon lamang ang hinihingi Niya. At gaano man kalaking sakuna ang nangyari sa kanyang tahanan . . . Ang Diyos ay hindi laging . . .

<sup>172</sup> Kapag may nakikita kayong hindi magandang nangyayari sa isang tao, hindi iyon nangangahulugan na pinapalo na siya ng Diyos. Maaaring hindi ito sa nawala na siya sa kalooban ng Diyos. Nababatid niya sa kanyang puso kung pinakikinggan ba niya ang trumpeta o hindi.

<sup>173</sup> Hiningi ng Diyos itong sinunog na handog, at si Job ay pinanghawakan iyon mismo. Iyon lang. Sinabi nila, "Job, isa kang lihim na makasalan. Gumagawa ka ng isang bagay na mali." Subalit mas alam niya. Nanatili siya roon mismo,

sapagkat narinig niya ang tunog ng trumpeta, at nanatili siya mismo roong kasama nito.

<sup>174</sup> At, sa wakas, doon sa kahuli-hulihan, nang siya ay . . . Ang Diablo ay hinayaan nang manggulo sa kanya, at kinuha ang kanyang pamilya, at kinuha nito ang kanyang mga anak, kinuha ang kanyang mga kamelyo, at kinuha ang lahat ng kanyang kayamanan, at pinabagsak ang kanyang sariling kalusugan. Naupo siya sa bunton ng abo. Tila ba nawala nang lahat. Ngunit sinabi pa rin niya, “Talastas ko na ang Manunubos sa akin ay buhay. Siya’y tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan. Pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma’y makikita ko ang Diyos sa aking laman.” Walang anumang walang katiyakan hinggil diyan, mayroon ba? Hindi, “Ako—ako—ako—iniisip kong marahil ay buhay nga Siya.” Sabi niya, “Talastas kong buhay Siya, at tatayo Siya sa lupa sa kahuli-hulihan. Pagkatapos na magibang ganito ang aking laman, gayon ma’y makikita ko ang Diyos sa aking laman.” Oh, naku! Nangyari ito. Talagang nakakatiyak siya.

<sup>175</sup> Si Abraham, na naroon naglalakad sa parang isang araw, ay narinig ang Diyos na nagsabi, “Abraham, Ako ay . . .” Kinatagpo Niya si Abraham bago pa ang nasulat na Salita, at sabi Niya, “Abraham, ikaw ay bibigyan Ko ng isang anak na lalaki sa iyong asawa, na si Sarah.” At animnapu’t limang taong gulang na ito nang panahong iyon, at si Abraham naman ay pitumpu’t lima. At naghanda sila para rito, at hindi siya nahiyang magpatotoo. Batid niyang magkakaroon siya ng anak na lalaki.

<sup>176</sup> At sinabi ng Biblia, “Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di-pananampalataya, kundi lubos na nanalig.” Amen. Lubos na nanalig, nangangahulugan iyon na nakatagpo na niya ang pinaka-ultimo. Amen. Iyon na. Ang pinaka-ultimo ay ang dulo ng daan. Ito ang huling bagay. Ito’y—ito na ang lahat nito.

Sabi niya, “Ako’y lubos na nananalig na, kung ano ang ipinangako ng Diyos, ay kaya ng Diyos na isagawa.”

<sup>177</sup> Kayo ba, sa gabing ito, kayo ba’y lubos na nananalig na ito ay ang Banal na Espiritu? Kayo ba’y lubos na nananalig, na ito ang daan? Kayo ba’y lubos na nananalig, na isa Siyang Tagapagpagaling? Kayo ba’y lubos na nananalig na muli Siyang paparito? Kayo ba’y lubos na nananalig na Siya ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Amen. Lubos na nananalig! Oo.

<sup>178</sup> Magdala tayo ng isa pa, si Elias, noong nakatayo doon sa itaas ng bundok. Nakipagtalo siya kay Jezebel at sa may pinta nitong mukha, at medyo napapagod na siya rito. Halos lahat na ng kababaihan ay nagsisigaya sa unang ginang, marahil ay mga gupit na water-head at anumang mayroon sila sa panahong iyon.

Labis na siyang nakipagtalo tungkol doon hanggang sa ito—ito’y halos panlupaypayin na siya.

<sup>179</sup> Tuwirang, sinabi sa kanya ng Diyos, “Pumaroon ka. Alam mo, umuulan ng mga dalawa o tatlong araw kada linggo, banda rito. Subalit harapin mo si Ahab, at sabihin mo sa kanya, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Walang hamog na mahuhulog mula sa langit hanggang sa tawagin ko ito.’” Oh, naku!

<sup>180</sup> Hindi niya sinabi, “Ngayon, Ahab, marahil, baka ito’y umubra sa ganitong paraan.” Oh, hindi. Siya ay lubos na nanalig, walang anumang walang katiyakan. “Hindi mahuhulog ang hamog, ang mga ulan ay hindi darating, hanggang sa tawagin ko ito.” Amen. Luwalhati! Oh, bakit? Narinig niya ang trumpeta. Tiyak iyon. Kilala niya ang kanyang Diyos. Batid niya ang isang bagay. Kapag sinalita ng Diyos ang salitang iyon, ang lahat ng mga kalangitan at lupa ay lilipas hanggang sa ito—ito’y mangyari. Kinakailangan nitong mangyari. Siguradong nanalig siya.

<sup>181</sup> Ngayon, sinabi Niya, “Elias, nais Kong magtungo ka roon sa pinakatuyong dako sa bansa, doon mismo sa itaas ng bundok kung saan walang mga bukal. Subalit mayroon Akong inilaang isa roon para sa iyo.”

<sup>182</sup> Lubos siyang nanalig. Umakyat siya sa bundok at namalagi doon sa batis Cherith. “At ngayon ano kaya ang gagawin ko dito sa itaas?”

“Inutusan Ko na ang mga uwak na pakainin ka.”

<sup>183</sup> “Ngayon, paano kaya na ang mga uwak na iyon . . . Ngayon, sandali lang, Panginoon”? Hindi, hindi. Tumunog na ang trumpeta. Sapat na iyon. “Papaano ito mangyayari? Hindi ko alam. Wala akong pakialam. Kita n’yo? Hindi na para sa akin na mabahala pa tungkol doon. Gawain na iyon ng Diyos. Sinabi Niyang inutusan Niya ang mga uwak.”

<sup>184</sup> “Buveno, Panginoon, maaari po bang pakihimay ito sa akin, at pakisabi sa akin sadyang kung saan ang mga iyon . . . sa anong paaralan nag-aral ang mga uwak na iyon doon, upang matutong magsalita ng Hebreo? Anong uri ng isang . . . Nagluluto ba sila sa kalang de-gaas, o kahoy ba ang panggatong nila sa apoy, o papaano ba nila ito ginagawa? At saan ba nila . . . Anong uri ba ng hayop ang papatayin nila? Maliliit na ibon lamang sila. Papaano sila papatay ng baka para sa akin, upang madalhan ako ng tinapay na may palaman na karneng-baka?” Kita n’yo? Kita n’yo? Hindi na inusisa pa iyon.

<sup>185</sup> Ang Diyos, ang—ang trumpeta ng Diyos, nagpahayag ang Kanyang tinig at nagsabi, “Ginawa ko na!” Hindi, “Elias, gagawin Ko marahil ito.” “Ginawa Ko na ito. Gagawin Ko ito. Nagawa Ko na ito.” Amen.

<sup>186</sup> Iyon ang Diyos natin, sa gabing ito. Hindi, “Gagawin Niya ito.” Nagawa na Niya ito. Amen. Nagawa na Niya ito. Amen. Hindi, “Gagawin Niya; maaaring gawin Niya; malamang gagawin Niya.” Nagawa na Niya ito. “Inutusan Ko na ang mga uwak.”

<sup>187</sup> Inihabilin Niya ang Kanyang Espiritu sa sangkatauhan. Inihabilin Niya ang Kanyang mga pagpapala. Umakyat Siya sa Itaas, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao. May makakakuha nito. May magtataboy nito. Hindi ko na problema kung papaano ito darating. Ito’y sadyang ganoon nang mapupunta roon. Sinabi ng Diyos na magiging gayon, at gayon nga iyon. Sinabi ni Pedro, nang Araw ng Pentecostes, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo, sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob, ang Banal na Espiritu.” Papaano kaya Ito darating? Hindi ko alam. “Ang—ang pangako ay sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Ngayon, hindi ninyo iyon basta-basta maipapaliwanag nang palihis. Tumunog na ang trumpeta, at sinasampalatayanan ko ito. Sinunod ko ito, at tinanggap ito. Amen. Subukan ngayong makipagtalo sa akin tungkol dito minsan. Amen. Oh, hindi ako sakdal. Hindi.

<sup>188</sup> Gaya nang gabing iyon, ang isang matandang kapatid na babaeng itim, sabi niya, “Elder, maaari ba akong magpatotoo?”

“Sige, po.”

<sup>189</sup> Sabi niya, “Nais kong sabihin ang isang bagay na ito.” Sabi niya, “Ako—ako—hindi ako ang nais kong maging ako.” At sabi niya, “Hindi ako ang dapat sanang maging ako. Subalit, may isang bagay na alam ko, hindi na ako ang dating ako.”

<sup>190</sup> Kaya, iyon, ganoon ang nadarama natin tungkol dito ngayon. Hindi na ako ang dating ako, dahil naligtas na ako sa gabing ito, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, at natanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu, ayon sa pagkaatas. Ibinuhos Ito doon noong Araw ng Pentecostes, ang pangakong ibinigay, at sinampalatayanan ko ito. Walang anumang walang katiyakan. Narinig ko ang tunog. Sinunod ko ito, at nakatitiyak ako na iyon nga ito. Tiyak nga. Alam kong ito nga. Sigurado.

<sup>191</sup> Si Simeon, na isang matandang pantas na mga walumpung taong gulang, daan-daang taon na mula pa nang magkaroon ng isang propeta sa lupa, ngunit namumuhay na may dakilang reputasyon. Nangusap sa kanya ang Banal na Espiritu isang araw, sabi, “Simeon, alam mo, hindi ka mamamatay hanggang sa makita mo ang pagliligtas ng Panginoon.” Luwalhati!

<sup>192</sup> Ang punong saserdote marahil, ay hinihimas-himas ang kanyang balbas nang ilang ulit, at sabi, “Simeon, dapat mong suklayin ang balbas mo sa kabilang bahagi.”

Sabi niya, “Wala iyong magagawa ni katiting mang kaibahan.”

“Paano mo naman nalamang tama ka?”

“Sinabi sa akin ng Banal na Espiritu na gayon nga. Hindi ako mamamatay.”

<sup>193</sup> “Aba, Simeon, aba, ika’y...Aba, malapit ka na ngang mamatay ngayon.”

<sup>194</sup> “Oh, wala akong pakialam anuman ang sabihin n’yo. Subalit sinabi sa akin ng Diyos na hindi ko makikita ang kamatayan hanggang sa makita ko ang Kanyang pagliligtas. Walang anumang walang katiyakan. Hindi ako mamamatay. Hindi ko makikita ang kamatayan hanggang sa makita ko Siya.” Amen. Iyon na.

“Papaano mo iyon gagawin, Simeon?”

“Ako, hindi ko na problema iyon.”

“Nasaan na ba Siya, Simeon?”

“Hindi ko alam.”

“Papaano mo nalamang makikita mo Siya?”

<sup>195</sup> “Sinabi ng Diyos ang gayon. Iyon na. Iyon ang Salita. Hindi ko makikita ang kamatayan hanggang sa makita ko Siya.” Oh, naku!

<sup>196</sup> “Oh, kawawang matanda. Siyempre, wala na siya sa katinuan, alam n’yo na. Kaya hayaan na lamang siya.”

<sup>197</sup> Subalit nakita niya Siya, magkagayon man. Siyanga, po. Gumagawa ang Diyos ng paraan para sa mga taong iyon na tatanggap sa Kanyang Salita.

<sup>198</sup> Si Jesus, noong narito pa Siya sa lupa, at naroon Siya noon sa libingan ni Lazaro.

<sup>199</sup> O, bago iyon, noong nakikipagdiskurso Siya sa—sa mga tao, na nakikipag-usap tungkol sa kung paanong Siya, bagama’t wala pang limampung taong gulang, at nagsabi na Kanya nang nakita si Abraham. Napansin n’yo ba kung gaano Siya kasigurado? Sabi Niya, “Bago pa man si Abraham, ay AKO NGA. AKO NGA.” Hindi, “Ako noon, o Ako bukas.” Kundi, “AKO NGA. Sigurado Ako.”

<sup>200</sup> Pagkatapos, sabi Niya, nang nandoon sa libingan ni Lazaro. Bago Siya magtungo roon, sabi Niya, sinabi kay Marta. Sabi Niya, “Ako ang muling pagkabuhay, ang Buhay.” Hindi, “Ako dapat, o magiging Ako.” Kundi, “AKO NGA.” Amen.

<sup>201</sup> “Ang kapatid ko, kung narito Ka lamang, ay hindi sana namatay. Subalit kahit ngayon, Panginoon, anumang hingin Mo sa Diyos, ay ibibigay iyon sa Iyo ng Diyos.”

Sabi Niya, “Muling mabubuhay ang iyong kapatid.”

202 “Oh, mabubuhay nga siya sa mga huling araw, sa pangkalahatang muling pagkabuhay. Isa siyang mabuting bata. Oo, sinasampalatayanan kong mabubuhay siya.”

203 Subalit iniunat ni Jesus nang kaunti ang Kanyang, sarili, patayo, sabi, “Subalit Ako ang muling pagkabuhay at ang Buhay.” Hindi, “Magiging Ako; Ako dapat,” o iba pa. “AKO NGA.” Walang anuman doon, walang anumang pag-aagam-agam, pag-aalinlangan tungkol doon. Walang anumang walang katiyakan. Iyon ay sigurado.

204 “Ako ang muling pagkabuhay at ang Buhay. Ang sumasampalataya sa Akin, bagama’t siya’y patay na, gayon ma’y mabubuhay siya. Ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na kailanman mamamatay.” Ngayon, hindi, “Maaaring hindi sila mamamatay; siguro ay hindi sila mamamatay.” “Hindi sila mamamatay.” Walang anuman, walang anumang walang katiyakan tungkol dito. Hindi sila mamamatay.

205 “Ang dumirinig sa Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na walang hanggan, at ni hindi na darating pa sa Kahatulan, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.”

206 “Hindi sila dapat humantong sa Kahatulan”? Hindi sila hahantong sa Kahatulan. Amen. Inako Niya ang Kahatulan sa akin. Wala na akong gagawin pa roon. Amen. Hayan na. “Lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Oh!

207 Ngayon sinabi niyang nananampalataya siya rito. Ngayon, hindi kailanman sinabi ni Jesus, “Buweno, alam mo, dahil sinasampalatayanan mo iyon, at batid mo na Ako ang Salita, at—at Ako—Ako... Alam mo na Ako nga Siya na darating. Ipinahayag mo iyon. Sinasampalatayanan mo ito. Sasabihin Ko sa iyo kung ano ang maaari nating gawin. Yumaon tayo’t tipunin ang matatanda, at pumaroon at tingnan kung may magagawa pa tayong anuman tungkol dito.” Hindi, hindi. Sabi Niya, “Ako’y...” (Hindi, “Yayaon at titingnan kung magagawa Ko siyang buhayin.”) “Yayaon Ako’t gigisingin siya.” Amen. Hindi, “Ako’y—susubukan Ko.” “Gagawin Ko.” Walang anumang walang katiyakan. Hindi iyon tunog na walang katiyakan, nang sabihin Niyang, “Gagawin Ko. Gagawin Ko.”

208 At ang Siya ring nagsabi ng, “Gagawin Ko,” ang siyang nangako sa iyo. Aleluya! Oh, naku! Amen.

“Yayaon Ako at gigisingin siya.”

209 Muli sinabi Niya, “Gibain ninyo ang templong ito, at titingnan Ko kung ano ang magagawa Ko tungkol dito”? “Gibain ninyo ang templong ito, at Akin itong muling itatayo sa loob ng tatlong araw.” Walang anumang walang katiyakan. “Susubukan ko ngayon. Maaari kayong lahat na tumayo sa paligid at tingnan kung magagawa Ko kaya ito o hindi”? Ah, hindi. “Akin



itong itatayo.” Walang anumang walang katiyakan. “Akin itong itatayo. Inyong—gibain ninyo ito; Akin itong itatayo.” Oh, naku!

<sup>210</sup> Bakit? Batid Niyang Siya ang Personang iyon, sa Kasulatan, na tinukoy noon ni David. “Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol, ni titiisin Ko man na Ang Aking Banal ay makakita ng kabulukan.” At batid Niyang kasama Siya sa pangakong iyon ng Kasulatan, kaya nga sigurado Siya.

<sup>211</sup> Ngayon, hindi ba tayo maaaring maging gayon kasigurado? Kunin natin Siya, na halimbawa, para sa iba pang mga bagay. Hangga’t ang Salita ng Diyos ang nagsabi nito, hindi ba tayo maaaring maging gayon kasigurado tungkol sa Salita na gaya rin Niya tungkol dito?

<sup>212</sup> “Ako ang muling pagkabuhay at ang Buhay.” “Akin itong muling itatayo.” Amen. Bakit? Batid Niyang tinukoy ito ng Salita, at siguradong Siya’y babangon.

<sup>213</sup> Kung ako ang taong iyon doon sa Juan 5:24, “Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at Akin siyang ibabangong muli sa mga huling araw. Hindi siya darating sa Kahatulan; lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Iyon ay —’yun tayo. At ano pa ang ikinatatakot natin? Ano’ng problema?

<sup>214</sup> Ano’ng kaibahan ang magagawa nito kung ano man ang tatak ng suot-suot mo? Tinatawag mo ang sarili mo na isang *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*. Tayo ay mga anak ng Diyos, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Napuspos tayo ng Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ano’ng kaibahan ang magagawa nito tungkol sa kung ang isang *ito* man ay *ganyan* o *ganyan*, kung isa siyang Presbyterian, Methodist, Baptist? Kung puspos siya ng Banal na Espiritu, may taglay siyang bumubuhay na mag-uling Buhay. Amen. Oo. Ngayon, noong Araw ng Pentecostes . . .

<sup>215</sup> Sinabi sa kanila ni Jesus, sa Lucas 24:49, “Narito, ipadadala Ko ang isang pangako.” Hindi, “Maaaring gawin Ko ito. Titingnan Ko kung ano ang magagawa Ko tungkol dito.” “Ipadadala Ko ang pangako ng Aking Ama sa inyo. Subalit magtungo kayo roon sa bayan ng Jerusalem at maghintay hanggang sa masangkapan kayo ng kapangyarihan.”

<sup>216</sup> Ngayon, paano kung maghintay sila, sabihin nang, oh, anim na araw, sasabihin nila, “Ano pang hinihintay natin? Naniniwala akong dapat natin itong tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi ba sa palagay ninyo?”

<sup>217</sup> Paano kung sinabi ni Santiago, noong—noong ikasiyam na araw, sabi, “Simon, halika rito sandali. Alam mo, noong isang araw nagkaroon ako ng tila ba isang kakatwang pakiramdam. Kita mo? At alam mo kung ano ang paniwala ko? Ako—ako—sa paniwala ko’y sadyang hindi naman Niya nais na paghintayin tayo rito. Naniniwala akong tayo’y—nasa atin na ito. Hindi ba sa

palagay mo? Ipagpatuloy na natin ang ating gawain. Ipagpatuloy na natin ang ating ministryo”? Oh, tiyak na hindi sana iyon nangyari.

218 Bakit? Batid nila na sinabi ng propeta. Ngayon makinig. Sinabi ng propeta, “Utos at utos, bilin at bilin, at bilin; dito’y kaunti at doo’y kaunti.” “Panghawakan ninyo ang mabuti.” “Kundi sa pamamagitan ng mga taong may ibang pangungusap at may iba’t ibang wika ay sasalitain Ko sa bayang ito. At ito ang kapahingahan, ang sabbath.” Alam nilang may isang bagay na dapat maganap kapag dumating na Ito.

219 “Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa huling panahon.” Joel 2:28, “Mangyayari na sa mga huling araw, sabi ng Diyos, ay Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman, at ang inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae ay mangagsasalita ng propesiya. Sa Aking mga lingkod na babae at mga aliping babae ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, sa araw na iyon. Magpapakita Ako ng mga tanda sa langit sa itaas at—at sa lupa sa ibaba, at apoy, at usok, at singaw.”

220 Batid nila na kailangang magkaroon ng isang karanasang kaakibat ng pagdating ng Banal na Espiritu na iyon. Hindi sila tumatanggap ng isang walang katiyakang tunog. Subalit noong nadama nila na may isang bagay na kumilos, at nakita ang patunay sa Biblia na kumikilos na kaakibat nito, hindi sila naging walang katiyakan. Nagtungo kaagad sila sa mga lansangan. Paumanhin. Oh, naku! Nakatitiyak silang iyon ang Banal na Espiritu.

221 Alam n’yo ba kung gaano sila katiyak? Hanggang sa, si Pedro, ang munting walang pinag-aralang taong iyon, ay lumundag sa ibabaw ng isang tuod o isang kahon, o kung saan man, sabi, “Kayong mga kalalakihan ng Judea,” nakaliyad ang munting dibdib na gaya ng isang maliit na tandang. Sabi niya, “Kayong mga kalalakihan ng Judea, kayong mga naninirahan sa Jerusalem! Takot ako sa inyo, kani-kanina lang; hindi na, ngayon. Hayaang malaman ninyo ito, at dinggin ang aking mga salita. Ang mga ito’y hindi lasing na gaya ng inyong inaakala. Subalit *ito* ay Yaon...” “Umaasa kaming *ito* Yaon; sa paniwala namin ay *ito* Yaon”? Sabi niya, “*Ito* ay Yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Joel.” Aleluya! Walang anumang walang katiyakan tungkol dito. “*Ito* ay Yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Joel.” Oh, naku!

222 Sinabi ni Jesus, sa Marcos 16, inatasan ang Kanyang Iglesya, “Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo.” “Ang mga tandang ito marahil ay dapat sana; magiging ganoon ang mga iyon, paminsan-minsan, marahil”? “Aalinsabay ang mga iyon sa mga nagsisisampalataya. Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya. Mangagpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan.

Mangagsasalita sila ng mga bagong wika. Kung sila'y makahawak ng ahas o makainom ng nakamamatay na bagay, ay hindi ito makasasama sa kanila. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ay magsisigaling ang mga ito." Hindi, "Marahil." "Ang mga iyon nga. Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya."

<sup>223</sup> Hayaang sumahin ko ito, sa pagsasabi nito, kapatid na lalaki, kapatid na babae, sa loob ng susunod na ilang minuto. Naniniwala ako rito. Naniniwala ako na ang lahat ng iba pa, anumang taliwas Diyan, ay hindi tama. Naniniwala ako, na ang lahat ng laban Diyan ay guguh. Naniniwala ako, wala akong pakialam gaano man karaming komunismo, o kung gaano man karami na *ganitong* mga ismo at *ganyang* ismo, at ang iglesyanismo at Romanismo, at lahat ng iba pa, ang mga Amerikanismo at lahat ng iba pa ay guguh.

<sup>224</sup> Subalit ang Salitang iyon ay mananatili Magpasa-walang Hanggan, sapagkat Ito ay isang Salita. At bago ito naging isang Salita, kinakailangan nitong maging isang kaisipan muna. At ang isang salita ay isang kaisipang nahayag. At ang Diyos, sa pagiging Walang Hanggan, dumating ito sa Kanyang isipan. Ipinahayag Niya ang Kanyang mga kaisipan. Ito ay naging Salita, at kinakailangang mahayag ang Salita.

<sup>225</sup> Iyan ang dahilan, nang Kanyang ipahayag ang tungkol sa isang Mesiyas, ay kinailangang may dumating nga na Mesiyas. Sinabi Niya na magkakaroon ng isang Iglesya sa huling panahon, na walang dungis o kulubot; magkakaroon nga ng isang Iglesya roon. Aleluya! Sinabi Niya ito. Tinatanggap ko ang Kanyang Salita. Sinasampalatayanan ko ito.

<sup>226</sup> Naniniwala ako na ipinangako Niya ang Banal na Espiritu sa bawat mananampalataya na sasampalataya. Naniniwala ako kay Pedro, noong Araw ng Pentecostes, nang kanyang ipangaral ang natatanging sermon na iyon, at sinabi sa kanilang lahat na mangagsisi at mangagpabautismo, na ang mga tandang ito ay darating, at *ito*. "Ang sinumang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ay maliligtas." Naniniwala akong iyon ang Katotohanan; nanindigan dito. Nakita ko na itong nahayag.

<sup>227</sup> Alam kong nakikipaglaban ako dito. At alam kong nagsisikap akong humakbang. Bago ko magawa ang isang hakbang, kinakailangan kong putulin ang bawat nakapulupot, dawag, lahat na ng iba pa, upang maialis ito sa daanan. Ngunit sa tuwing humahakbang ka, sumusulung ka naman nang papalapit. Amen. Kunin mo lamang ang itak at tagpasin ito.

<sup>228</sup> Marami sa inyo ang nakakaalala kay Paul Rader, napakalapit na kaibigan. Isa pa lamang akong batang mangangaral noon, na kabataan. Nagpupunta ako dati sa Fort Wayne, nakikinig sa kanya, sa Rediger Tabernacle. Napakalaking lalaki! Pupunta siya sa bandang likuran,

hihilahin pataas ang kanyang pantalon, itataas ang kanyang kamay at uungal na parang oso, at aakalain kong tatalon siya sa pulpito. Kapag siya'y . . . At magsisimula siya sa isang teksto, siyanga, sa Genesis, at matatapos sa Apocalipsis, pabalik-balik lang lahat. Isa talagang pambihirang lalaki si Paul.

<sup>229</sup> Sa pagkukuwentuhan isang araw, sabi niya, “Dati akong isang magtotroso doon sa Oregon,” kung saan siya nagmula. Sabi, “Isang araw, alam mo,” sabi niya, “ako—ako’y sadyang naroon sa larangan ng pagmimisyon, doon sa kung saan.” Nakalimutan ko na ngayon kung saan iyon. At nagmimisyon siya noon.

<sup>230</sup> Naniniwala siya sa Diyos, naniniwala sa Makalangit na pagpapagalang. At sabi ni Paul, dito mismo sa kung saan nakatayo ngayon ang pandaigdig na iglesya, sabi niya, “Kung inialok ko lang sana ang aking mensahe ng biyaya doon sa nagbabaga sa init na mga Pentecostal, sa halip na gawin kung ano ang ginawa ko kasama ninyong grupo,” sabi, “at papagalalahanin ko ang sarili ko, dahil pinapunta sa isang lugar na may libo-libong dolyar na pagkakautang. Pinag-alala ko ang sarili ko hanggang sa magka-kanser na ako, at nag-aagaw-buhay na ngayon. Kung inialok ko lang sana ang aking mensahe ng biyaya doon sa nagbabaga sa init na mga Pentecostal, disin sana’y pinagpala na ako ng Diyos nang masagana dahil dito.” Tama.

<sup>231</sup> Sinabi niyang naroon siya noon sa—sa mga kagubatan, at nagkasakit siya ng blackwater fever o kung ano. Malubha iyon. At naroon siya sa mga liblib na kagubatan, at isang matatag na mananampalataya sa Makalangit na pagpapagalang. At sinabi niyang lumubha nang lumubha ang sakit niya. Nanalangin siya, nang nanalangin. At ang ilan sa mga misyunero ay nagsabing kukuha na sila ng isang bangka at susundo ng isang doktor. Aba, aabutin sila noon ng maraming araw para makakuha ng isang doktor. At sabi niya, “Ako—ako. . . Huwag n’yong gawin iyan. Hayaan n’yo na lang ito.” Sabi, “Kung hindi ako pagagalangin ng Diyos, kung gayo’y Uuwi na ako.”

<sup>232</sup> Kaya sinabi niya na nanatili sa silid ang kanyang maybahay kasama niya. Padilim na nang padilim. At sinabi na tinawag niya ang kanyang asawa, sabi, “Mahal ko, hawakan mo ang kamay ko.” Sabi, “Basta patuloy mo lang akong ipanalangin. Dumidilim na ngayon.” Sabi, “Ako—sa tingin ko’y bumabalot na sa akin ang mga anino.” Sabi niya, “Hawakan. . . Basta hawakan mo lang ang kamay ko at manalangin, habang lumilisan ako.” Inihanda na niya ang sarili niya, na katagpuin ang Diyos.

<sup>233</sup> Tila ba siya’y napunta sa isang pangitain. At sinabi niyang nanaginip siya na naroroon daw siyang muli sa Oregon, bilang isang kabataan, na nagpuputol ng kahoy. At sinabing ang amo raw ng kamento ay nagsabi, “Paul, pumunta ka rito sa isang bahagi ng burol, at pumutol ka ng isang puno, ganito ang laki.”

234 Sabi niya'y tumakbo raw siya paakyat ng burol gamit ang mga binti ng kanyang kabataan, at pinabagsak ang naturang puno, at tinagpas-tagpasan ito, itinaga ang palakol. Sinabi niya kung paanong ang malambot na puno ng pino na iyon, ang kanyang matalim, na malaking, palakol na dalawahang-talim ay tumaga nang napakainam sa puno ng pino. At sabi na hinawakan niya raw ito, naisip, "Buweno, dadalhin ko na lamang ito pababa ng burol."

235 Mahusay, na malakas na lalaki, sabi, "Nagsanay ako dati kung papaano pagtatabihin ang aking mga tuhod, at magpasan sa aking likod, na siyang pinakamalaking bahagi ng tao." Ang mga kalamnan niya'y nasa likod at mga balikat, sa likod ng kanyang mga binti. Sabi, "Binubuhat ko ang isang malaking troso," ipinapasan ito sa kanyang balikat, lalakad na palayo. Ngunit sabi, "Iyon ay isang pangkaraniwang troso lang, ngunit," sabi, "ako'y sadyang . . ." [Nasagi ni Kapatid na Branham ang mikropono—Pat.] Pasensya na. Sabi, "Sadyang hindi ko talaga maigalaw ang trosong iyon." Pasensya na.

236 Sabi niya, "Sadyang hindi ko talaga maigalaw ang trosong iyon." Sabi niya, "Nakipagbuno ako, at nakipagbuno ako at pinilit ko itong buhatin, at sadyang hindi ko 'yon magawa." Sabi niya, "Naubos ko na ang lahat ng lakas ko." Sabi niya, "Sadyang hindi ko maigalaw ang trosong iyon." At sabi, "Sa huli, nanghina na ako nang husto, hanggang sa napaupo na lang akong nakasandal sa puno at sinimulang magpunas ng pawis. Sadyang hapong-hapo na ako."

237 At sabi, "Maya-maya, narinig ko ang boses ng amo ko." Ngunit sabi, "Iyon ang pinakamatamis na boses na narinig ko." At sabi, "Nang bumaling ako, sabi ng boses sa akin, 'Paul.' At sabi ko, 'Bakit, amo, ano po 'yon?' Sabi, 'Para saa't hinahatak mo ito?'" Sabi niya, "'Buweno, inutusan mo akong dalhin ito pababa sa kampamento, at sadyang napagod ko na ang sarili ko, dahil dito. Sadyang ako—sadyang hindi ko ito magawa, amo.' Sabi naman nito, 'Paul, hindi mo ba nakikita ang batis na iyon ng tubig na umaagos mismo *roon*?' Sabi, 'Opo.' Sabi, 'Pababa mismo sa kampamento ang batis na iyon. Bakit hindi mo na lang ito ihagis sa tubig, lumundag ka rito at sumakay pababa hanggang doon sa kampamento?' Sabi, 'Ni hindi ko naisip iyon.'"

238 Kaya pinagulong lang niya ito sa tubig, lumundag siya rito, sabi, "Oh, naku!" Nagsimula siyang magpatilamsik ng tubig, at naglululundag, at naghihihiyaw, nang napakalakas, habang padaan siya sa mga maliliit na alon, at pababang palutang-lutang sa tubig, lahat na, na nakasakay sa trosong ito, pababa, naghihihiyaw, "Nakasakay ako rito! Nakasakay rito!"

239 Sabi niya, bigla na lang daw, nang mahimasmasan na siya, ay naroon mismo siya sa gitna ng sahig, at kasabay niyang naghihihiyaw ang kanyang asawa. Humihiyaw siya, "Nakasakay

ako rito! Nakasakay ako rito! Nakasakay ako rito!” Mga kapatid!

Mga bansa’y nangawawasak, ang Israel ay namumulat,  
Mga tandang iprinopesiya ng Biblia;  
Mga araw ng Gentil ay bilang na, na may hilakbot na pasanin.  
“Magbalik, O mga nangalat, sa inyong sariling lupain.”

<sup>240</sup> Ang Mensaheng ito ng Salita ng Diyos ay ang Katotohanan. Mabuhay man o mamatay, nakasakay ako Rito. Hindi ako. . . Hindi ako nakikipagtalo Rito. Hindi ko pinipilit na makipagtalo tungkol Dito. Basta tinanggap ko Ito, at nakasakay ako Rito. Hayaang magsilitawan ang mga mapagpuna. Susugurin ko ang bawat ragasa ng tubig. Parating na ako sa kampamento, isa sa mga araw na ito, na nakasakay sa Salita ng Diyos. Amen. Tiyak na makakarating ako roon.

Manalangin tayo.

<sup>241</sup> Bakit ka makikipaghatakan sa pasan-pasan mong kasalanan? Bakit ka mapapasa ganyang kalagayan mo, na hindi alam kung saan ka nakatayo, nagpapalipat-lipat sa iba’t ibang iglesya, at sa iba’t ibang lugar? Bakit hindi mo na lamang ito ihagis, doon sa krus, ngayong gabi, at sumakay ka sa Salita? Bakit hindi mo na lamang tanggapin ang pangako ng Diyos sa gabing ito at sumakay palabas mula sa kaguluhan, na tuluy-tuloy na patungo doon sa malaking kalawakan, na nakabukas nang ganyan? Huwag kang makipagbuno Rito. Huwag mangamba Rito. Sampalatayanan mo lamang Ito, tanggapin Ito. Ito’y isang Kaharian na hindi matitinag. Sumakay ka Rito.

<sup>242</sup> Kung kayo’y may sakit sa gabing ito, panghawakan n’yo ang pangako ng Diyos, “Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa lahat ng inyong mga karamdaman.”

<sup>243</sup> “Paano ako gagaling, Kapatid na Branham? Sinabi ng doktor na may sakit ako sa puso, mayroon akong kanser, mayroon akong *ganito*, *ganoon*, maging ano pa man ito. Ako’y bingi, pipi. Bulag ako.” Ano, ano’ng magagawang kaibahan nun? Basta tanggapin lamang ang pangako ng Diyos at sumakay rito.

<sup>244</sup> Kumuha tayo ng isang napakalaking patpat, at dalhin ito rito, at isulat sa ibabaw nito, “Ang panalangin ng pananampalataya ay naipanalangin na sa gabing ito. Ako ay sasakay rito. Sinabi ng Biblia, ‘Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon siya ng Diyos. Kung nagkasala nga siya, ito ay ipatatawad sa kanya.’ Nakasakay ako rito. Sinasampalatayanan ko ito.”

<sup>245</sup> Kung nakagawa ka ng mali, kung nalilihis ka ng landas sa gabing ito, “Siyang nagtatakip ng kanyang mga pagsalangsang

ay hindi giginhawa. Ngunit ang nagpapahayag ng kanyang mga pagsalangsang ay magtatamo ng kaawaan.” Bakit hindi mo pa ito ipahayag?

“Buweno, ano ang dapat kong gawin, Kapatid na Branham?”

<sup>246</sup> Ipahayag mo ito, at pagkatapos ay sumakay rito. Sinabi nga ng Diyos. Iaalis kayo agad nito sa inyong kasalanan.

<sup>247</sup> Narito ba ang taong iyon sa gabing ito, na hindi pa kailanman inilagak ang kanilang tunay na pagtitiwala sa Diyos para sa kaligtasan ng inyong kaluluwa, at nais ninyong maalala sa panalangin habang tayo’y nagtatapos na? Maaari bang itaas lamang ninyo ang inyong kamay, sabihin, “Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham. Nais kong ilagak ang aking mga kabalisahan.” Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. “Nais kong ilagak. . .” Pagpalain ka ng Diyos, ma’am. “Nais kong ilagak ang aking mga kabalisahan.” Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, batang binibini. Buweno. Siyanga. Pagpalain kayo ng Diyos. “Nais kong ilagak ang aking mga kabalisahan sa Kanya at sumakay lamang sa Kanyang pangako ngayon. Sumasampalataya ako na ipinangako Niya na, ‘Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko siya itataboy.’”

<sup>248</sup> “Hindi kung ano ang nararamdaman ko, ‘Ipinalangin ako kagabi, Kapatid na Branham; hindi bumuti ang pakiramdam ko.’” Iyan ay wala ni isa mang kinalaman rito. Hindi ako nakasakay sa mga pakiramdam ko. Nakasakay ako sa Kanyang Salita. Ito’y ang Kanyang pangako.

<sup>249</sup> “Kapatid na Branham, nagpunta na ako sa altar, nang apat o limang beses, na sinisikap matanggap ang Banal na Espiritu. Hindi ko pa talaga ito nakuha.”

<sup>250</sup> Hindi nangangahulugan ng anuman iyon. Basta manatili lamang sa troso, dadalhin kayo nito diretso sa kampamento, sa kampamento ng Mga Panganay, sa kampamento ng mga banal. Makakarating kayo roon. Basta manatili lamang sa inyong troso, at humiyaw at isigaw ang mga papuri sa Diyos sa pinakamalakas na magagawa ninyo. Ganoong paraan ang pagsasagawa nito.

<sup>251</sup> Habang nakayukod ang ating mga ulo, talaga bang nais ninyong sumakay rito? Kung gayon, ang munting bagay na iyon na pumipintig sa inyong puso, nais ba ninyong lumapit dito at tumayo sa harap ng altar sandali? Hayaan kaming manalangin at magpatong ng mga kamay sa inyo. Ikagagalak namin na kayo’y magsilapit.

<sup>252</sup> Kunin natin ang munting bagay na iyon na nailagay doon sa inyong puso sa gabing ito, at sabihin, “Alam mo, nagkamali ka. Ngayon itaas mo ang inyong kamay.” Sige.

253 Tumuntong kayo sa troso, ang troso ng Kanyang pangako; ang puno, ang krus na pinutol. Yakapin ninyo ang krus na ito ngayon. Lumakad palapit dito at sabihin, “Ngayon ako’y sasakay rito. Ngayon din ay sasampalatayanan ko na ito. Tatanggapin ko na ito. Sinasampalatayanan ko ito. Hindi na ako kailanman mag-iiba pa. Mananatili na ako mismo kasama ang Salitang iyon, hanggang sa mapatunayan na ang isang iyon. At kung gayon pagkatapos na mapatunayan ang isang iyon, ako’y aabot at tutuntong sa isa pa, at magsisimulang sumakay nang tuluy-tuloy.” Kita n’yo?

254 At sa bawat salita, bawat hakbang, ay inyong makakamtan ang lahat ng bagay na ipinangako sa inyo ng Diyos. “Sapagkat ang lahat ng bagay ay may pangyayari,” sa kanya na sasakay rito. Sumakay sa Kanyang pangako, sapagkat tiyak na dadalhin kayo nito sa kampamento. Dadalhin kayo nito sa Presensiya ng Diyos.

255 Maaari ba kayong lumapit na ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo? At hihilingin para sa sinuman na magnais tumayo sa altar, nang sandali lamang para sa pananalangin?

256 “Nakasakay po ako rito, Panginoon. Panginoon, sumasampalataya po ako. Lahat ng aking pag-aalinlangan ay ibinaon na sa bukal. Panginoon, lumalapit po ako. Sinasampalatayanan ko ito. Nakatuntong na ako mismo sa Salita sa gabing ito, at sasampalatayanan ko ito nang buong puso ko. Pinaniniwalaan Kita sa Iyong Salita.”

257 Isang minamahal na babae ang nakatayo rito sa altar, upang—upang pagtibayin sa Diyos na siya ay determinado. Hindi ba kayo lalapit, na mga nagyukod ng inyong mga ulo, at nagtaas ng inyong mga kamay, at nagnais na maalala sa panalangin? Maaari ba kayong lumapit lamang dito? Pagpalain kayo ng Diyos. Lumapit lamang. Iyon lang. Lumapit at tumayo rito. Sabihin, “Sasakay ako rito. Diyos, Ikaw po ang nangako, may isang bagay na kumatok sa puso ko, at lumalapit ako ngayon din upang sumakay diyan. At mananatili ako rito hanggang sa dalhin ako nito mismo sa kampamento. Ako’y parating na sa kampamento ng mga banal ng Kataas-taasan.” Pagpalain kayo ng Diyos. Mabuti iyan. Lumapit na ngayon, kayo na nais sumakay rito. Sadyang kung ano kayo, “Just as I am, without one plea.”

258 Alalahanin. Sasabihin ninyo, “Isang puno ba iyon?” Oo. May isang punong pinutol, minsan, at muli itong itinayo sa Kalbaryo. Lumundag lang sa punong iyon ngayong gabi, na taglay ang mga pangako ng Diyos, ang Salita na nabayubay sa naturang puno.

259 Nakasakay ako rito. Sasampalatayanan ko ito, nang buong puso ko. Gustung-gusto kong gawin na maparito at makamayan ang aking mga kapatirang lalaki.

260 Pagpalain kayo ng Diyos, para sa inyong magiting na paninindigan. Nais kong manatili kayo rito, sandali lamang,



habang nananalangin tayo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Mahal kong kapatid na babae, pagpalain ka ng Diyos. Ang Panginoong Jesus...?...Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. "Patnubayan ako." Patnubayan kayo doon sa ibayo ng ilog.

<sup>261</sup> Alalahanin, bilang isang lingkod ni Cristo, pananagutan ko ang pangangaral ng Salita. Pananagutan ko ang aking patotoo. At tatayo ba ako rito ngayong gabi...

<sup>262</sup> At ang isang lalaking limampu't limang taon, o limampu't tatlong taong gulang, na mag-lilimampu't apat na sa Abril, at tatayo rito at nalalaman na, maging ang huling pangitaing ito, maaaring ito na ang ilang huling mga araw ko sa mundo. Ako—maaaring iwan ko na kayo sa loob ng ilang mga araw. Hindi ko alam kung ano ang kahulugan nito. Makinig na lamang kayo sa teyp at hanguin ang sarili ninyong kongklusyon. Hindi ko alam ang kahulugan nito. Tatayo ba ako rito, at mag-aagam-agam na maaaring ito na ang mga huling mensahe ko na maipapangaral ko, ay dito mismo sa Phoenix, at magsasabi ng bagay na mali, at alam na ang patutunguhan ko'y naroroon sa ibayo, at ako'y hahatulan sa pamamagitan ng aking mga salita?

<sup>263</sup> Mga kapatid kong lalaki, hayaang sabihin ko ito sa inyo, at mga kapatid kong babae. Nakadalo na kayo sa mga pagtitipon. Alam ninyo kung ano, ang mga pagkilala at ang mga bagay-bagay. Nagsabi na ba ako sa inyo ng anumang, sa Pangalan ng Panginoon, kundi kung ano lamang ang nangyari? Tatanungin ko ang sinuman. Hindi, po. Sa buong mundo, at sa libo-libong mga pangitain, hindi pa kailanman nagkaroon. At sinasabi ko sa inyo ang katotohanan sa gabing ito, ang Dugo ni Jesus Cristo ay labis ang kasapatan na maaalis nito ang bawat mantsa, at ito ay magiging gayon.

May isang bukal na tigmak ng Dugo.

At nangakatayo na kayo Rito ngayon.

Nagmula sa mga ugat ni Emmanuel,

Ang tanging siguradong bagay na nalalabi sa mundo.

Kung saa'y nagsilusong ang mga makasalanan  
sa ilalim ng baha,

Napapawing lahat ang mantsa ng kanilang  
pagkakasala.

<sup>264</sup> Hihilingin ko na sa mga ministrong ito ngayon, at sa mga kapatid na lalaki, kung maaari sana'y lumapit kayo rito na kasama ng mga taong ito. Kahit sino na...Ganyan ba, ang pagtawag sa mga ministro para manalanging kasama ang mga tao? Lahat ng mga ministro rito, kung gayon, na nais, na nagmamalasalakit makita na ang mga kaluluwa ay naliligtas, lumapit rito at tumayong gaya ng isang grupo ng mga tagapanalangin, kung saan natin magagawang bigkisin

ang ating mga sarili nang sama-sama, lumayo sa lahat ng iba pang mga bagay, at ihiwalay ang ating mga sarili. Ito ay mga kalalakihan at mga kababaihan na sineselyuhan ang kanilang destinasyon, sa gabing ito, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, na pinanghahawakan Siya sa Kanyang Salita, nakasakay patungo doon sa Kanyang Presensiya, sa Kanyang Salita, at sabihin, “Narito ako, Panginoon. Wala po akong anumang maihahandog kundi ang aking sarili, at tanggapin Mo po ako.” Maaari ba kayong tumayong kasama nila, kung maaari sana? Sinuman na nagnanais, lumapit kayo at tumayo. Pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatiran kong lalaki. Talagang napakabuti niyan. Gusto kong nakakakita ng mga kalalakihang magigiting, na nagmamalasakit sa mga kaluluwa. Sa tingin ko, mga kapatiran kong lalaki, na mabuti iyan. Lumapit na agad. Mabuti iyan. Tumayo sa palibot. Tayo lamang ngayon . . .

<sup>265</sup> Kung dadako na ang piyanista sa musika, kung maaari sana, awitin natin ang awit na ito, nang matimyas ngayon, nang matino, mapitagan.

<sup>266</sup> Hindi tayo lumalapit sa kung anong kathang-isip na bagay. Hindi tayo lumalapit sa isang bagay lamang na—na—na gawa-gawang pananampalataya. Kundi tayo’y lumalapit sa Presensiya ng Diyos, ang pinakamakapangyarihang Diyos na Jehovah, na Siyang nangako, na, “Kung saan may nagkakatipong dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, ay naroroon Ako sa gitna nila.” Makipag-usap kayo sa Kanya na gaya ng ginagawa ninyo sa inyong kaibigan, sabihin, “Panginoon, patawad po. Nagkasala ako.” At tayo ay magsisiawit.

May isang bukal na tigmak ng Dugo,  
Nagmula sa mga ugat ni Emanuel,  
Kung saan ang nagsilusong na mga  
makasalanang sa ilalim ng Baha,  
Ay napapawing lahat ang mantsa ng kanilang  
pagkakasala.

Yaong agaw-buhay na magnanakaw ay  
nagalak na makita  
Yaong Bukal sa kanyang araw;  
Doon nawa ako, bagama’t makasalanang tulad  
niya,  
Ay mahugasang lahat ang aking mga  
pagkakasala.

Mula nang sa pamamagitan ng  
pananampalataya’y aking makita ang Agos  
na iyon  
Na kaloob ng dumadaloy Mong mga sugat,  
Pag-ibig na tumutubos ang akin nang paksa,  
At magiging gayon hanggang sa ako’y  
mahimlay.

267 Maging tunay lamang na mapagpakumbaba ngayon. Wala kang anuman. Wala sa ating anuman. At sadyang may katapatan ngayon, nang buong puso ninyo, iyukod lamang ang inyong mga puso at mga ulo, sa lahat ng dako, sa gusali.

268 Makalangit naming Ama, batid ko pong lubos na totoo ang Iyong Mga Salita. Hindi mabibigo ang mga iyon. Ang mga iyon ay ang Salita ng Diyos. Diyos ang mga iyon. At sinabi Mo, “Ang lumalapit sa Akin, ay hindi Ko itataboy sa anumang paraan.” At ang mga kalalakihan at kababaihang ito, na nasa ilalim ng kombiksyon, na nalalamang hindi sila nararapat, lumakad na sila sa harapan, sa gabing ito, Panginoon, upang ipahayag na sila’y mali, na nalalamang inudyukan sila ng isang pagkilos sa loob na—na nag-aanyaya sa kanilang magsilapit sa Bukal. At narito silang nangakatayo, na nangakayukod ang mga ulo at mga puso, upang uminom sa mga tubig ng Buhay, nang malaya, na ipinangako ng Diyos. Tanggapin Mo po sila, Ama, sa Iyong Kaharian. Sa Iyo po sila.

269 Sinabi Mo, “Walang taong makalalapit sa Akin malibang ang Aking Ama muna ang magdala sa kanya. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin.” At ipinakikita nito na ibinigay na ng Diyos ang mga ito kay Cristo, bilang isang handog ng pag-ibig. At narito silang nangakatayo, Panginoon. “Walang sinuman ang makakaagaw sa kanila mula sa Aking kamay.” At dalangin ko, Diyos, na Iyo po silang bibigyang katiyakan sa gabing ito, habang sila’y nangakatayo rito, at pagkaloban sila ng bautismo ng Banal na Espiritu habang naririto sila sa altar.

270 Nawa’y ang dakilang kapangyarihan ni Cristo ay lubos na punuin ang kanilang mga buhay ngayon! Ginawa na nila ang kanilang pagpapahayag. Lumalapit sila sa harapan. Sabi Mo, “Ang magpapahayag sa Akin sa harap ng mga tao, siya ay Aking ipapahayag sa harap ng Aking Ama at ng banal na Mga Anghel.” Alam naming tapos na ang gawang iyon.

271 Ngayon, Panginoon, selyuhan Mo po sila tungo sa Kaharian ng pangako, ng Banal na Espiritu. Loobin po ito, Panginoon. Ibuhos ang Iyong Espiritu sa kanila, at puspusin sila ng Espiritu ng buhay na Diyos, nang sa gayon sila’y maging buhay na mga patotoo sa lahat ng mga araw ng kanilang mga buhay, para sa Kaharian ng Diyos.

272 Ngayon magsitayo ang mga nagsidalò. Manalangin ang lahat ngayon. Manalangin tayo na ang mga ito . . .

273 Ngayon, bawat isa sa inyo na naparito sa gabing ito, na nadaramang kayo’y nagkasala sa inyong puso, ngayon wala na kayong anumang magagawa kundi sampalatayanan iyon. Ang Banal . . . Tanggapin ninyo *Ito* sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay pananampalataya, na inyong tinatanggap. Sinabi ni Jesus, “Walang taong makalalapit sa

Akin malibang ang Aking Ama muna ang maglapit sa kanya. At lahat ng lumalapit sa Akin,” ay Kanya itong tatanggapin. Wala na Siyang iba pang magagawa, dahil ipinangako Niya ito. Kita n’yo? Huwag kayong manalig sa isang sensasyon ngayon. Manalig kayo sa Kanyang Salita. Kita n’yo? Sinabi nga ng Salita.

<sup>274</sup> “Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay,” pangkasalukuyang kapanahunan, “may Buhay na walang hanggan, at hindi mapupunta sa Paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Ang Espiritu Santo ay isang karanasan ng pagiging puspos at pagtataglay ng kapangyarihan para sa paglilingkod. Subalit ang pagpapahayag at pagtanggap kay Cristo ay ang magkaroon ng pananampalataya at magawa ang inyong pagpapahayag, at maging malaya ang pakiramdam na pinatawad na kayo ng Diyos sa inyong mga kasalanan.

<sup>275</sup> At sa batayan ng Kanyang Salita, sinabi Niya, “Walang taong makalalapit sa Akin malibang ang Aking Ama muna ang maglapit sa kanya.” Kita n’yo? Ngayon, ang Diyos ay inilapit kayo, muna. “At ang lalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko siya itataboy.” Kita n’yo? Kita n’yo? Kayo, tinanggap na ninyo ito. Ang tanging bagay lang, kailangan ninyong . . .

<sup>276</sup> Siya, namatay Siya para sa inyo. Pinatawad na ang inyong mga kasalanan, labingsiyam na raang taon na ang nakakaraan. Naparito na lamang kayo ngayon upang tanggapin kung ano ang Kanyang ginawa noon para sa inyo. Kita n’yo? At sinasampalatayanan n’yo bang namatay Siya para sa inyong mga kasalanan? Tatanggapin n’yo ba Siya bilang inyong pantubos? Sa iba pang salita, tinatanggap ninyo Siya, sa pag-ako Niya ng inyong mga kasalanan.

<sup>277</sup> Magagalak ka ba at magpapasalamat sa Kanya para sa pag-ako Niya sa iyong mga kasalanan? Sinasampalatayanan mo bang ginawa Niya iyon? Kung gayo’y itaas lamang ang iyong kamay, sabihin, “Sinaspalatayanan ko na Kanyang inako ang aking kasalanan,” amen, “inako ang aking kasalanan.” Sige.

<sup>278</sup> Ngayon, kandidato na kayo ngayon para sa bautismo ng Banal na Espiritu.

<sup>279</sup> Kung hindi pa ninyo natatanggap ang bautismong Cristiano, isa sa mga kalalaking ito rito ay titiyakin iyon, na kayo ay mababautismuhan sa bautismong Cristiano.

<sup>280</sup> “Subalit ngayon samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, bago sila nabautismuhan; samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Banal na Espiritu sa kanila.” Bakit? Lahat sila’y nasa ilalim ng pag-asam. Ngayon kayo’y nasa ilalim ng pag-asam. Nagnanais kayo ng isang bagay ngayon na—na mageselyo sa inyo tungo sa Kaharian ng Diyos, isang bagay na magiging tunay sa inyo. Nais ninyong ta- . . .

Hindi ba't nais n'yong tumanggap ng Banal na Espiritu, bawat isa sa inyo? Hindi ba't nais n'yo iyon? Tiyak, nais ninyo. Iyan ang kapangyarihang nakapagpapanatili sa inyo. Kita n'yo?


Nangagkatipon sila sa itaas na silid,  
Nananalangin sa Kanyang Pangalan, ang . . .  
Binautismuhan ng Banal na Espiritu,  
At ang kapangyarihan para sa paglilingkod ay  
dumating.

<sup>281</sup> Kita n'yo? Oh, 'yun nga ang nais ninyo ngayon. At maaari ninyo itong taglayin, ngayon mismo. Para sa inyo ito, ngayon mismo.

<sup>282</sup> Ngayon, mga kapatid, magsilapit kayo. Ating, bawat isa ngayon, at ipatong ang ating mga kamay sa mga kapatid na ito, at manalangin na sila'y tumanggap nawa ng Banal na Espiritu. Magsilapit mismo rito, mga kapatid. Magsilapit mismo.

<sup>283</sup> Ngayon, ang buong kongregasyon, itaas ang inyong mga kamay ngayon, lahat! . . .? . . .

<sup>284</sup> Makalangit naming Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, puspusin Mo po ang bawat pusong naririto ng bautismo ng Banal na Espiritu.

<sup>285</sup> Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu. Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu, itong mga tao rito na nangakatayo at nangagsisipaghintay para sa Presensiya at sa kapangyarihan ng Diyos upang punuin ang kanilang mga buhay. 

*ISANG TRUMPETA NA TUMUTUNOG*  
*NANG WALANG KATIYAKAN* TAG63-0114  
(A Trumpet Gives An Uncertain Sound)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Lunes ng gabi, Enero 14, 1963, sa Christian Assembly sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)